Abiso ng Mga Pag-iingat sa Hakbangin

Huling nabago: 10/16/18

Tala: Binago ang dokumentong ito upang sumunod sa mga pamantayan ng Departamento ng Edukasyon ng Michigan para sa accessibility. Wala nang iba pang ginawang pagbabago sa nilalaman.

Departamento ng Edukasyon ng Michigan
Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon

Lupon ng Edukasyon ng Estado

Casandra E. Ulbrich, Katuwang na Pangulo
Richard Zeile, Katuwang na Pangulo
Michelle Fecteau, Kalihim
Tom McMillin, Ingat-yaman
Nikki Snyder, Delegado ng *NASBE*
Pamela Pugh
Lupe Ramos-Montigny
Eileen Lappin Weiser

Ex-Officio

Rick Snyder, Gobernador
Sheila A. Alles, Pansamantalang Superintendent ng Estado

Departamento ng Edukasyon ng Michigan [*Michigan Department of Education* (*MDE*)]
Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon
608 West Allegan Street
P.O. Box 30008
Lansing, MI 48909
517-241-7075
Website ng MDE (www.michigan.gov/mde)

Ipinag-aatas ng Batas ng Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Mga Kapansanan [*Individuals with Disabilities Education Act* (*IDEA*)], ang Pederal na batas hinggil sa edukasyon ng mga mag-aaral na may mga kapansanan, sa mga paaralan na bigyan ang mga magulang ng batang may kapansanan ng abisong naglalaman ng kumpletong paliwanag ng mga pag-iingat sa hakbangin na available sa ilalim ng *IDEA* at mga regulasyon ng Departamento ng Edukasyon ng U.S. Dapat magbigay ng kopya ng abisong ito sa mga magulang nang isang beses lang sa isang taon ng paaralan, subalit kailangang magbigay ng kopya sa magulang: (1) sa paunang referral o kahilingan ng magulang para sa pagsusuri; (2) sa pagtanggap ng unang reklamo sa Estado sa ilalim ng 34 CFR §§300.151 hanggang 300.153 at sa pagtanggap ng unang reklamo sa tamang proseso sa ilalim ng §300.507 sa isang taon ng paaralan; (3) kapag may ginawang desisyon na magsagawa ng pandisiplinang pagkilos na katumbas ng pagbabago ng kinalalagyan; at (4) kapag humiling ang magulang. [34 CFR §300.504(a)]

Kasama dapat sa abiso ng mga pag-iingat sa hakbangin na ito ang isang kumpletong paliwanag ng lahat ng pag-iingat sa hakbangin na available sa ilalim ng §300.148 (unilateral na paglalagay sa isang pribadong paaralan sa gastos ng publiko), §§300.151 hanggang 300.153 (mga hakbangin ng reklamo sa Estado), §300.300 (pahintulot), §§300.502 hanggang 300.503, §§300.505 hanggang 300.518, at §§300.530 hanggang 300.536 (mga pag-iingat sa hakbangin sa Subpart E ng mga regulasyon sa Bahagi B), at §§300.610 hanggang 300.625 (mga probisyon sa pagiging kumpidensyal ng impormasyon sa Subpart F).

Gagamitin ang mga sumusunod na acronym sa buong dokumentong ito:

ALJ	Hukom ng Administratibong Batas *[Administrative Law Judge]*
BIP	Plano ng Pamamagitan sa Gawi *[Behavioral Intervention Plan]*
FAPE	Libreng Naaangkop na Pampublikong Edukasyon *[Free Appropriate Public Education]*
FERPA	Batas ng Mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagkapribado ng Pamilya *[Family Educational Rights and Privacy Act]*
FBA	Pagtatasa sa Functional na Gawi *[Functional Behavioral Assessment]*
IDEA	Batas ng Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Mga Kapansanan *[Individuals with Disabilities Education Act]*
IEE	Independiyenteng Pang-edukasyong Pagtatasa *[Independent Educational Evaluation]*
IEP	Programa ng Indibidwalisadong Edukasyon *[Individualized Education Program]*
MDE	Departamento ng Edukasyon ng Michigan *[Michigan Department of Education]*
OSE	Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon *[Office of Special Education]*
SOAHR	Tanggapan ng Estado ng Mga Administratibong Pagdinig at Panuntunan *[State Office of Administrative Hearings and Rules]*

Talaan ng Mga Nilalaman

Abiso ng Mga Pag-iingat sa Hakbangin 12
Pangkalahatang Impormasyon 12
Paunang Nakasulat na Abiso 12
34 CFR §300.503 12
Abiso 12
Nilalaman ng abiso 12
Paggamit ng programa ng indibidwalisadong edukasyon bilang abiso 13
Abiso sa nauunawaang wika 13
Katutubong Wika 13
34 CFR §300.29 13
Electronic Mail 14
34 CFR §300.505 14
Pahintulot ng Magulang - Kahulugan 14
34 CFR §300.9 14
Pahintulot 14
Pahintulot ng Magulang 14
34 CFR §300.300 14
Pahintulot para sa paunang pagtatasa 14
Mga espesyal na panuntunan para sa paunang pagtatasa ng mga ward ng Estado 15
Pahintulot ng magulang para sa mga serbisyo 16
Pagbawi ng pahintulot ng magulang 17
Pahintulot ng magulang para sa mga muling pagtatasa 17
Dokumentasyon ng mga makatuwirang pagsisikap na makuha ang pahintulot ng magulang 18
Iba pang pag-aatas ng pahintulot 18

Mga Independiyenteng Pang-edukasyong Pagtatasa 19
34 CFR §300.502 19
Pangkalahatan 19
Mga Pagpapakahulugan 19
Karapatan ng magulang sa pagtatasa sa gastos ng publiko 19
Mga pagtatasang inisyatibo ng magulang 20
Mga kahilingan para sa mga pagtatasa ng isang hukom ng administratibong batas 20
Mga pamantayan ng distrito ng paaralan 21
Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon 22
Mga Pagpapakahulugan 22
34 CFR §300.611 22
Impormasyong Nakakatukoy ng Personal na Pagkakakilanlan 22
34 CFR §300.32 22
Abiso sa Mga Magulang 23
34 CFR §300.612 23
Mga Karapatan sa Access 23
34 CFR §300.613 23
Record ng Access 24
34 CFR §300.614 24
Mga Record tungkol sa Higit sa Isang Bata 24
34 CFR §300.615 24
Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon 24
34 CFR §300.616 24
Mga Bayarin 25
34 CFR §300.617 25
Pag-amyenda ng Mga Record ayon sa Kahilingan ng Magulang 25
34 CFR §300.618 25

Oportunidad para sa isang Pagdinig 25
34 CFR §300.619 25
Mga Hakbangin ng Pagdinig 25
34 CFR §300.621 25
Resulta ng Pagdinig 26
34 CFR §300.620 26
Pahintulot Para sa Paglalahad ng Impormasyong Nakakatukoy ng Personal na Pagkakakilanlan 26
34 CFR §300.622 26
Mga Pag-iingat 27
34 CFR §300.623 27
Pagwasak ng Impormasyon 27
34 CFR §300.624 27
Mga Karapatan ng Mag-aaral 28
34 CFR §300.625 28
Pagpapagitna 29
Pagpapagitna 29
34 CFR §300.506 29
Pangkalahatan 29
Mga Pag-aatas 29
Pagiging walang pinapanigan ng tagapamagitan 31
Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado 32
Pagkakaiba ng Reklamo sa Pagdinig ng Tamang Proseso at Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado 32
Pagpapatupad ng Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado 32
34 CFR §300.151 32
Pangkalahatan 32
Mga Remedyo para sa pagkait ng mga naaangkop na serbisyo 33
Minimum na Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado 33

34 CFR §300.152 33
Limitasyon sa oras; minimum na mga hakbangin 33
Pagpapalawig ng oras; pinal na desisyon; pagpapatupad 34
Mga reklamo sa estado at pagdinig ng tamang proseso 34
Paghahain ng Reklamo sa Estado 35
34 CFR §300.153 35
Mga Hakbangin ng Reklamo sa Tamang Proseso 37
Paghahain ng Reklamo sa Tamang Proseso 37
34 CFR §300.507 37
Pangkalahatan 37
Impormasyon para sa mga magulang 37
Reklamo sa Tamang Proseso 37
34 CFR §300.508 37
Pangkalahatan 37
Nilalaman ng reklamo 38
Abisong kinakailangan bago ang isang pagdinig ng isang reklamo sa tamang proseso 38
Pagiging sapat ng reklamo 38
Pag-amyenda sa reklamo 39
Tugon ng distrito ng paaralan sa isang reklamo sa tamang proseso 39
Tugon ng kabilang panig sa isang reklamo sa tamang proseso 39
Mga Modelong Form 40
34 CFR §300.509 40
Ang Kinalalagyan ng Bata Habang Nakabinbin ang Reklamo at Pagdinig ng Tamang Proseso 40
34 CFR §300.518 40
Proseso ng Pagresolba 41
34 CFR §300.510 41

Pagpupulong ng pagresolba 41
Yugto ng pagresolba 41
Mga pagsasaayos sa 30 araw ng kalendaryong panahon ng pagresolba .. 42
Nakasulat na kasunduan ng pagsasaayos 43
Panahon ng pagsusuri ng kasunduan 43
Mga Pagdinig sa Mga Reklamo sa Tamang Proseso 44
Walang Pinapanigang Pagdinig ng Tamang Proseso 44
34 CFR §300.511 44
Pangkalahatan 44
Walang pinapanigang hukom ng administratibong batas 44
Usaping paksa ng pagdinig ng tamang proseso 44
Timeline para sa paghiling ng pagdinig 45
Mga Pagbubukod sa timeline 45
Mga Karapatan sa Pagdinig 45
34 CFR §300.512 45
Pangkalahatan 45
Karagdagang paglalahad ng impormasyon 45
Mga karapatan ng magulang sa mga pagdinig 46
Mga Desisyon sa Pagdinig 46
34 CFR §300.513 46
Desisyon ng hukom ng administratibong batas 46
Sugnay ng konstruksyon 46
Hiwalay na kahilingan para sa isang pagdinig ng tamang proseso 46
Mga natuklasan at desisyon sa lupong tagapagpayo at pangkalahatang publiko 47
Mga Apela 48
Pagiging Pinal ng Desisyon; Apela; Walang Pinapanigang Pagsusuri 48

34 CFR §300.514 48
Pagiging pinal ng desisyon sa pagdinig 48
Mga Timeline at Convenience ng Mga Pagdinig 48
34 CFR §300.515 48
Mga Sibil na Pagkilos, Kabilang ang Yugto ng Panahon kung Kailan Ihahain ang Mga Pagkilos na Iyon 48
34 CFR §300.516 48
Pangkalahatan 48
Limitasyon ng oras 49
Mga karagdagang hakbangin 49
Hurisdiksyon ng mga hukuman ng distrito 49
Panuntunan ng konstruksyon 49
Mga Bayarin ng Abogado 50
34 CFR §300.517 50
Pangkalahatan 50
Pagkakaloob ng mga bayarin 50
Mga Hakbangin Kapag Nagdidisiplina ng Mga Batang may Mga Kapansanan 52
Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan 52
34 CFR §300.530 52
Pagpapasya ayon sa kaso 52
Pangkalahatan 52
Karagdagang awtoridad 52
Mga Serbisyo 53
Pagtukoy sa dulot 54
Pagtukoy na ang gawi ay dulot ng kapansanan ng bata 54
Mga espesyal na sitwasyon 55
Mga Pagpapakahulugan 55

Abiso 55
Pagbabago ng Kinalalagyan Dahil sa Mga Pandisiplinang Pag-aalis 56
34 CFR §300.536 56
Pagtukoy ng Kaayusan 56
34 CFR § 300.531 56
Apela 56
34 CFR § 300.532 56
Pangkalahatan 56
Awtoridad ng isang hukom ng administratibong batas 57
Kinalalagyan sa Panahon ng Mga Apela 58
34 CFR §300.533 58
Mga Proteksyon para sa Mga Batang Hindi pa Kuwalipikado para sa Espesyal na Edukasyon at Mga Nauugnay na Serbisyo 58
34 CFR §300.534 58
Pangkalahatan 58
Batayan ng pagkakaalam para sa mga pandisiplinang usapin 58
Pagbubukod 59
Mga kundisyong nalalapat kung walang batayan ng pagkakaalam 59
Pagsangguni sa at Pagkilos ng Mga Awtoridad sa Pagpapatupad ng Batas at Judicial na Awtoridad 59
34 CFR §300.535 59
Pagpapadala ng mga record 60
Mga Pag-aatas para sa Unilateral na Paglalagay ng Mga Magulang ng Mga Bata sa Mga Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko 61
Pangkalahatan 61
34 CFR §300.148 61
Pag-reimburse para sa paglalagay sa pribadong paaralan 61
Limitasyon sa pag-reimburse 61

Paglilipat ng Mga Karapatan ng Magulang sa Hustong Gulang 62
34 CFR §300.520 62
Kalakip A – Mga Pederal na Pagpapakahulugan 63
Malubang Pinsala sa Katawan 63
18 USC 1365(h) 63
Sandata 63

Abiso ng Mga Pag-iingat sa Hakbangin

Pangkalahatang Impormasyon

Paunang Nakasulat na Abiso

34 CFR §300.503

Abiso
Dapat kang bigyan ng iyong distrito ng paaralan (kabilang sa terminong "distrito ng paaralan," ayon sa pagkakagamit nito sa Abisong ito, ang akademiya ng pampublikong paaralan) ng nakasulat na abiso (bigyan ka ng ilang partikular na impormasyon sa pamamagitan ng sulat), sa tuwing ito ay:

1. Magpapanukalang simulan o baguhin ang pagtukoy, pagtatasa, o pang-edukasyong kinalalagyan ng iyong anak, o ang pagbibigay ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyo [*Free Appropriate Public Education* (*FAPE*)] sa iyong anak; o
2. Tatangging simulan o baguhin ang pagtukoy, pagtatasa, o pang-edukasyong kinalalagyan ng iyong anak, o ang pagbibigay ng *FAPE* sa iyong anak.

Nilalaman ng abiso
Ang nakasulat na abiso ay dapat:

1. Inilalarawan ang pagkilos na ipinapanukala o ayaw isagawa ng iyong distrito ng paaralan;
2. Ipinapaliwanag kung bakit ipinapanukala o ayaw isagawa ng iyong distrito ng paaralan ang pagkilos;
3. Inilalarawan ang bawat hakbangin ng pagtatasa, pagsusuri, record, o ulat na ginamit ng iyong distrito ng paaralan sa pagpapasya na ipanukala o ayawan ang pagkilos;
4. May kasamang pahayag na mayroon kang mga proteksyon sa ilalim ng mga pag-iingat sa hakbangin sa Bahagi B ng *IDEA*;
5. Sinasabi sa iyo kung paano ka makakakuha ng paglalarawan ng mga pag-iingat sa hakbangin kung ang pagkilos na ipinapanukala o tinatanggihan ng iyong distrito ng paaralan ay hindi isang paunang referral para sa pagtatasa;
6. May kasamang mga sanggunian kung kanino ka maaaring makipag-ugnayan upang humingi ng tulong sa pag-unawa sa Bahagi B ng *IDEA*;

7. Inilalarawan ang anupamang opsyong pinag-isipan ng Team ng programa ng indibidwalisadong edukasyon [*Individualized education program* (*IEP*)] ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon; at
8. Nagbibigay ng paglalarawan ng iba pang dahilan kung bakit ipinapanukala o tinatanggihan ng iyong distrito ng paaralan ang pagkilos.

Paggamit ng programa ng indibidwalisadong edukasyon bilang abiso
Maaaring gamitin ng isang pampublikong ahensya ang *IEP* bilang bahagi ng paunang nakasulat na abiso sa kundisyong natutugunan ng (mga) dokumentong matatanggap ng magulang ang lahat ng pag-aatas sa §300.503.

Abiso sa nauunawaang wika
Ang abiso ay dapat:

1. Nakasulat sa wikang nauunawaan ng pangkalahatang publiko; at
2. Ibinigay sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyong ginagamit mo, maliban na lang kung malinaw na hindi ito magagawa.

Kung ang iyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon ay hindi nakasulat na wika, dapat tiyakin ng iyong distrito ng paaralan na:

1. Isasalin ang abiso para sa iyo nang pasalita sa pamamagitan ng iba pang paraan sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon;
2. Nauunawaan mo ang nilalaman ng abiso; at
3. May nakasulat na ebidensyang natugunan ang 1 at 2.

Katutubong Wika

34 CFR §300.29
Tumutukoy ang katutubong wika, kapag patungkol ito sa isang indibidwal na limitado ang kakayahan sa English, sa sumusunod:

1. Ang wikang karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng bata, ang wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata;
2. Sa lahat ng direktang pakikipag-ugnayan sa isang bata (kabilang ang pagtatasa sa bata), ang wikang karaniwang ginagamit ng bata sa tahanan o lugar ng pagkatuto.

Para sa taong bingi o bulag, o para sa taong walang nakasulat na wika, ang paraan ng komunikasyon ay kung ano ang karaniwang ginagamit ng tao (tulad ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon).

Electronic Mail

34 CFR §300.505

Kung iniaalok ng iyong distrito ng paaralan sa mga magulang ang opsyong makatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng e-mail, maaari mong piliing matanggap ang mga sumusunod sa pamamagitan ng e-mail:

1. Paunang nakasulat na abiso;
2. Abiso ng mga pag-iingat sa hakbangin; at
3. Mga abiso kaugnay ng reklamo sa tamang proseso.

Pahintulot ng Magulang - Kahulugan

34 CFR §300.9

Pahintulot

Nangangahulugan ang pahintulot na:

1. Ganap na naipabatid sa iyo sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon (tulad ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon) ang lahat ng impormasyon tungkol sa pagkilos na ipinapahintulot mo.
2. Nauunawaan at pinapayagan mo sa pamamagitan ng sulat ang pagkilos na iyon, at inilalarawan ng pahintulot ang pagkilos na iyon at inililista nito ang mga record (kung mayroon man) na ilalabas at kung kanino ito ilalabas; at
3. Nauunawaan mong boluntaryo mong ibinibigay ang pahintulot at maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras.

Hindi mapapawalang-bisa (mababawi) ng pagbawi mo ng pahintulot ang pagkilos na naganap pagkatapos mong ibigay ang iyong pahintulot at bago mo ito bawiin.

Pahintulot ng Magulang

34 CFR §300.300

Pahintulot para sa paunang pagtatasa

Ang iyong distrito ng paaralan ay hindi maaaring magsagawa ng paunang pagtatasa ng anak mo upang matukoy kung kuwalipikado ang iyong anak sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* upang makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo nang hindi ka muna binibigyan ng paunang nakasulat na abiso ng iminumungkahing pagkilos at hindi muna natatanggap ang iyong pahintulot gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na **Pahintulot ng Magulang — Kahulugan**.

Dapat makatuwirang pagsikapan ng iyong distrito ng paaralan na makuha ang iyong may kabatirang pahintulot para sa isang paunang pagtatasa upang matukoy kung ang iyong anak ay isang batang may kapansanan.

Ang iyong pahintulot para sa paunang pagtatasa ay *hindi* katumbas ng pagbibigay mo ng pahintulot sa distrito ng paaralan na magsimulang magbigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak.

Kung ang iyong anak ay naka-enroll sa pampublikong paaralan o gusto mong i-enroll ang anak mo sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kang magbigay ng pahintulot o hindi ka nakatugon sa isang kahilingang magbigay ng pahintulot para sa isang paunang pagtatasa, ang iyong distrito ng paaralan ay maaaring, ngunit hindi inaatasang, gumawa ng paraan na magsagawa ng paunang pagtatasa sa iyong anak sa pamamagitan ng pagpapagitna ng Batas o reklamo sa tamang proseso, pagpupulong ng pagresolba, at mga walang pinapanigang hakbangin ng pagdinig ng tamang proseso. Hindi lalabagin ng iyong distrito ng paaralan ang mga obligasyon nitong hanapin, tukuyin, at tasahin ang iyong anak kung hindi ito magsasagawa ng pagtatasa ng iyong anak sa mga sitwasyong ito.

Mga espesyal na panuntunan para sa paunang pagtatasa ng mga ward ng Estado

Kung ang isang bata ay ward ng Estado at hindi naninirahan kasama ang kaniyang magulang —

Hindi kailangan ng distrito ng paaralan ng pahintulot mula sa magulang para sa isang paunang pagtatasa upang matukoy kung ang bata ay isang batang may kapansanan kung:

1. Sa kabila ng makatuwirang pagsisikap na gawin ito, hindi mahanap ng distrito ng paaralan ang magulang ng bata;
2. Ang karapatan ng mga magulang ay winakasan alinsunod sa batas ng Estado; o
3. Itinalaga ng isang hukom o pampublikong ahensya na responsable sa pangkalahatang pangangalaga ng bata ang karapatang gumawa ng mga pang-edukasyong desisyon at magbigay ng pahintulot para sa isang paunang pagtatasa sa isang indibidwal maliban sa magulang.

Tumutukoy ang *Ward ng Estado*, sa pagkakagamit nito sa *IDEA*, sa isang bata na:

1. Foster child, maliban na lang kung naibigay sa foster parent ng bata ang karapatang gumawa ng mga pang-edukasyong desisyon sa ngalan ng bata ng isang hukom na nangangasiwa sa kaso ng bata o isang pampublikong ahensyang responsable sa pangkalahatang pangangalaga ng bata;
2. Itinuturing na ward ng Estado sa ilalim ng batas ng Estado;
3. Itinuturing na ward ng hukuman sa ilalim ng batas ng Estado; o
4. Nasa kustodiya ng isang pampublikong ahensya ng kapakanan ng bata.

Pahintulot ng magulang para sa mga serbisyo
Dapat makuha ng iyong distrito ng paaralan ang iyong may kabatirang pahintulot bago magbigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak sa unang pagkakataon, at dapat nilang makatuwirang pagsikapan na makuha ang may kabatirang pahintulot na iyon.

Kung hindi ka tutugon sa isang kahilingang ibigay ang iyong pahintulot upang makatanggap ang anak mo ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung tatanggi kang ibigay ang naturang pahintulot, hindi maaaring gamitin ng iyong distrito ng paaralan ang mga pag-iingat sa hakbangin (ibig sabihin, ang pagpapagitna, reklamo sa tamang proseso, pagpupulong ng pagresolba, o isang walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso) upang makakuha ng kasunduan o kapasyahang ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo (na inirerekomenda ng *IEP* Team ng iyong anak) ay maaaring ibigay sa iyong anak nang wala ang iyong pahintulot.

Kung tatanggi kang ibigay ang iyong pahintulot na makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung hindi ka tutugon sa isang kahilingang ibigay ang naturang pahintulot at hindi ibibigay ng distrito ng paaralan sa iyong anak ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo kung para saan nito hiningi ang iyong pahintulot, ang iyong distrito ng paaralan:

1. Ay hindi lumalabag sa pag-aatas na gawing available ang isang *FAPE* sa iyong anak dahil sa kabiguan nitong ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; at ito
2. Ay hindi inaatasang magkaroon ng pagpupulong ng *IEP* o bumuo ng *IEP* para sa iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo kung para saan hiniling ang iyong pahintulot.

Pagbawi ng pahintulot ng magulang

Kung ipapaalam mo sa distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat na pinapawalang-bisa (binabawi) mo ang iyong pahintulot na magbigay ang iyong distrito ng paaralan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak, ang iyong distrito ng paaralan ay:

1. Hindi maaaring magpatuloy na magbigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak;
2. Dapat magbigay sa iyo ng napapanahong paunang abiso, alinsunod sa §300.503 ng mga regulasyon ng *IDEA*, tungkol sa kanilang panukalang ihinto ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo batay sa pagtanggap ng iyong nakasulat na pagbawi ng pahintulot;
3. Hindi maaaring gumamit ng mga hakbangin ng tamang proseso (ibig sabihin, pagpapagitna, pagpupulong ng pagresolba, o walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso) upang makakuha ng kasunduan o kapasyahang maaaring ibigay ang mga serbisyo sa iyong anak;
4. Hindi lumalabag sa pag-aatas na gawing available ang *FAPE* sa iyong anak dahil sa kabiguan nitong magbigay ng higit pang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak;
5. Hindi ipinag-aatas na magkaroon ng pagpupulong ng *IEP* o bumuo ng *IEP* para sa iyong anak para sa patuloy na pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo; at
6. Hindi ipinag-aatas na amyendahan ang mga pang-edukasyong record ng iyong anak upang alisin ang anumang pagbanggit sa pagtanggap ng iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo dahil sa pagbawi ng pahintulot.

Pahintulot ng magulang para sa mga muling pagtatasa

Dapat makuha ng iyong distrito ng paaralan ang iyong may kabatirang pahintulot bago nito muling tasahin ang iyong anak, maliban na lang kung maipapakita ng iyong distrito ng paaralan na:

1. Nagsagawa ito ng mga makatuwirang hakbang upang makuha ang iyong pahintulot para sa muling pagtatasa ng iyong anak; at
2. Hindi ka tumugon.

Kung tatanggi kang pahintulutan ang muling pagtatasa ng iyong anak, maaari, ngunit hindi ipinag-aatas, na itulak ng distrito ng paaralan ang muling pagtatasa ng iyong anak sa pamamagitan ng paggamit sa mga hakbanging pagpapagitna, reklamo sa tamang proseso, pagpupulong ng pagresolba, at walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso upang mapangibabawan ang iyong pagtangging pahintulutan ang muling pagtatasa ng iyong anak. Hinggil naman sa mga paunang pagtatasa, hindi malalabag ng iyong distrito ng paaralan ang mga obligasyon nito sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* kung tatanggihan nitong itulak ang muling pagtatasa sa paraang ito.

Dokumentasyon ng mga makatuwirang pagsisikap na makuha ang pahintulot ng magulang

Dapat magtago ang iyong paaralan ng dokumentasyon ng mga makatuwirang pagsisikap na makakuha ng pahintulot ng magulang para sa mga paunang pagtatasa, upang magbigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa muling pagtatasa, at mahanap ang mga magulang ng mga ward ng Estado para sa mga paunang pagtatasa. Kasama dapat sa dokumentasyon ang isang record ng mga pagtatanggka ng distrito ng paaralan sa mga bagay na ito, tulad ng:

1. Detalyadong record ng mga pagtawag sa telepono na sinagot o tinangka at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng mga sulat na ipinadala sa mga magulang at anumang tugong natanggap; at
3. Detalyadong mga record ng mga pagdalaw sa tahanan o lugar ng trabaho ng magulang at ang mga resulta ng mga pagdalaw na iyon.

Iba pang pag-aatas ng pahintulot

Hindi kinakailangan ang iyong pahintulot bago magawa ng iyong distrito ng paaralan na:

1. Magsuri ng kasalukuyang data bilang bahagi ng pagtatasa o muling pagtatasa ng iyong anak; o
2. Bigyan ang iyong anak ng pagsusulit o iba pang pagtatasang ibinibigay sa lahat ng bata maliban na lang kung, bago ang pagsusulit o pagtatasang iyon, kinakailangan ang pahintulot mula sa lahat ng magulang ng lahat ng bata.

Hindi maaaring gamitin ng iyong distrito ng paaralan ang iyong pagtangging pumayag sa isang serbisyo o aktibidad upang ipagkait sa iyo o sa iyong anak ang anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

Kung na-enroll mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa sarili mong gastos o kung ipinag-aaral mo sa home school ang iyong anak, at hindi mo ibinibigay ang iyong pahintulot para sa paunang pagtatasa ng iyong anak o sa muling pagtatasa ng iyong anak, o hindi ka nakatugon sa isang kahilingang ibigay ang iyong pahintulot, hindi maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang mga hakbangin nito upang mapangibabawan ang pahintulot (ibig sabihin, ang pagpapagitna, reklamo sa tamang proseso, pagpupulong ng pagresolba, o isang walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso) at hindi ito inaatasang ituring ang iyong anak na kuwalipikadong tumanggap ng mga makatarungang serbisyo

(mga serbisyong ginagawang available sa mga batang may kapansanan na inilagay ng magulang sa pribadong paaralan).

Mga Independiyenteng Pang-edukasyong Pagtatasa

34 CFR §300.502

Pangkalahatan
Gaya ng inilalarawan sa ibaba, may karapatan kang kumuha ng independiyenteng pang-edukasyong pagtatasa [*independent Educational Evaluation* (*IEE*)] ng iyong anak kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtatasa ng iyong anak na nakuha ng iyong distrito ng paaralan.

Kung hihiling ka ng *IEE*, dapat kang bigyan ng distrito ng paaralan ng impormasyon tungkol sa kung saan ka maaaring kumuha ng *IEE* at tungkol sa mga pamantayan ng distrito ng paaralan na nalalapat sa mga *IEE*.

Mga Pagpapakahulugan
Tumutukoy ang *IEE* sa isang pagtatasang isinagawa ng isang kuwalipikadong tagapagsulit na hindi nagtatrabaho para sa distrito ng paaralan na responsable para sa edukasyon ng iyong anak.

Nangangahulugan ang gastos ng publiko na binabayaran ng distrito ng paaralan ang buong gastos ng pagtatasa o tinitiyak nito na ang pagtatasa ay ibinibigay sa iyo nang wala kang gastos, alinsunod sa mga probisyon ng Bahagi B ng *IDEA*, na nagbibigay-daan sa bawat estado na gamitin ang anumang mapagkukunang ng suporta sa estado, na lokal, pederal, at pribado na magagamit sa estado upang matugunan ang mga pag-aatas ng Bahagi B ng Batas.

Karapatan ng magulang sa pagtatasa sa gastos ng publiko
May karapatan ka sa isang *IEE* ng iyong anak sa gastos ng publiko kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pagtatasa ng iyong anak na nakuha ng iyong distrito ng paaralan, sa ilalim ng mga sumusunod na kundisyon:

1. Kung magsusumite ka ng nakasulat na kahilingan para sa isang *IEE* ng iyong anak sa gastos ng publiko, dapat tumugon ang iyong distrito ng paaralan, sa pamamagitan ng sulat, sa kahilingan sa loob ng pitong araw ng kalendaryo mula sa pagkakatanggap ng kahilingan, na nagsasaad sa kagustuhan ng distrito na: (a) ibigay ang *IEE* sa gastos ng publiko; o (b) maghain ng reklamo sa tamang proseso upang humiling ng pagdinig upang ipakita na naaangkop ang pagtatasa nito sa iyong anak.
2. Kung hihiling ang iyong distrito ng paaralan ng pagdinig at ang pinal na desisyon ay naaangkop ang pagtatasa ng iyong distrito ng paaralan sa iyong anak, may karapatan ka pa rin sa isang *IEE*, ngunit hindi sa gastos ng publiko.
3. Kung hihiling ka ng *IEE* ng iyong anak, maaaring itanong ng distrito ng paaralan kung bakit ka tumututol sa pagtatasa ng iyong anak na nakuha ng

iyong distrito ng paaralan. Gayunpaman, maaaring hindi mangailangan ng paliwanag ang iyong distrito ng paaralan at hindi nito maaari hindi makatuwirang iantala ang pagbibigay sa *IEE* ng iyong anak sa gastos ng publiko o ang paghain ng reklamo sa tamang proseso upang humiling ng pagdinig ng tamang proseso upang ipagtanggol ang pagtatasa ng distrito ng paaralan sa iyong anak.

4. Kung hindi tutugon sa mga pamantayan ng distrito ng paaralan ang isang *IEE* na makukuha mo, maaaring maghain ng reklamo sa tamang proseso ang distrito ng paaralan. Kung ang pinal na desisyon sa pagdinig ay hindi tumutugon ang pagtatasa sa mga pamantayan ng distrito ng paaralan, maaaring ipagkait ang pag-reimburse ng publiko ng gastos ng iyong *IEE*.

May karapatan ka lang sa isang *IEE* ng iyong anak sa gastos ng publiko sa tuwing magsasagawa ang iyong distrito ng paaralan ng pagtatasa ng iyong anak na hindi mo sinasang-ayunan.

Mga pagtatasang inisyatibo ng magulang

Kung kukuha ka ng *IEE* ng iyong anak sa gastos ng publiko o magbabahagi ka sa distrito ng paaralan ng pagtatasa ng iyong anak na nakuha mo sa pribadong gastos:

1. Dapat suriin ng iyong distrito ng paaralan ang mga resulta ng pagtatasa sa iyong anak, kung tumutugon ito sa mga pamantayan ng distrito ng paaralan para sa mga *IEE*, sa anumang desisyong gagawin hinggil sa pagbibigay ng *FAPE* sa iyong anak; at
2. Maaaring ipakita mo o ng iyong distrito ng paaralan ang pagtatasa bilang ebidensya sa isang pagdinig ng tamang proseso hinggil sa iyong anak.

Mga kahilingan para sa mga pagtatasa ng isang hukom ng administratibong batas

Kung hihiling ang isang hukom ng administratibong batas [*Administrative Law Judge* (*ALJ*)] ng *IEE* ng iyong anak bilang bahagi ng isang pagdinig ng tamang proseso, dapat pagkagastusan ng publiko ang pagtatasa.

Mga pamantayan ng distrito ng paaralan
Kung ang isang *IEE* ay sa gastos ng publiko, ang mga pamantayang batayan ng pagkuha sa pagtatasa, kabilang ang lokasyon ng pagtatasa at mga kuwalipikasyon ng tagapagsulit, ay dapat kapareho ng mga pamantayang ginagamit ng distrito ng paaralan kapag nagsisimula ito ng pagtatasa (hangga't tumutugma ang mga pamantayang iyon sa iyong karapatan sa isang *IEE*).

Maliban sa mga pamantayang inilalarawan sa itaas, ang isang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magpatupad ng mga kundisyon o timeline kaugnay ng pagkuha ng *IEE* sa gastos ng publiko.

Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon

Mga Pagpapakahulugan

34 CFR §300.611

Ayon sa pagkakagamit nito sa ilalim ng heading na **Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon**:

- Tumutukoy ang *Pagwasak* sa pisikal na pagwasak o pag-aalis ng mga impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan mula sa impormasyon upang hindi na nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan ang impormasyon.
- Tumutukoy ang *mga pang-edukasyong record* sa uri ng mga record na nasasaklawan sa ilalim ng kahulugan ng ''mga pang-edukasyong record'' sa 34 CFR Bahagi 99 (ang mga regulasyong nagpapatupad sa Batas ng Mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagkapribado ng Pamilya [*Family Educational Rights and Privacy Act* (*FERPA*)] ng 1974, 20 U.S.C. 1232g). Binibigyang-kahulugan ng *FERPA* ang "mga pang-edukasyong record" bilang mga record na direktang nauugnay sa isang mag-aaral at pinangangalagaan ng isang pang-edukasyong ahensya o isang panig na kumikilos sa ngalan ng ahensya.
- Tumutukoy ang *lumalahok na ahensya* sa anumang distrito ng paaralan, ahensya, o institusyong nangongolekta, nagtatago, o gumagamit ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan, o kung kanino makakakuha ng impormasyon, sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*.

Impormasyong Nakakatukoy ng Personal na Pagkakakilanlan

34 CFR §300.32

Tumutukoy ang *nakakatukoy sa personal na pagkakakilanlan* sa impormasyong taglay ang:

a. Pangalan ng iyong anak, iyong pangalan bilang magulang, o ang pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya;
b. Address ng iyong anak;
c. Isang impormasyong nakakatukoy sa personal na pagkakakilanlan, tulad ng social security number o student number ng iyong anak; o
d. Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyong magbibigay-daan na makilala ang iyong anak nang may makatuwirang katiyakan.

Abiso sa Mga Magulang

34 CFR §300.612

Dapat bigyan ng abiso ng Departamento ng Edukasyon ng Michigan *MDE* ang mga magulang na may mga hakbangin at patakaran ang *MDE* na sapat upang ganap na maipabatid sa mga magulang ang tungkol sa pagiging kumpidensyal ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan, kabilang ang:

1. Isang paglalarawan kung sa ilang katutubong wika ng iba't ibang pangkat ng populasyon sa Estado naibigay ang abiso;
2. Isang paglalarawan ng mga bata na may impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan na tinatago, ang mga uri ng impormasyong hinahanap, ang mga paraang gustong gamitin ng Estado upang makalap ang impormasyon (kabilang ang mga pinagmulan kung saan nakalap ang impormasyon), at ang mga paggagamitan ng impormasyon;
3. Isang buod ng mga patakaran at hakbanging dapat sundin ng mga lumalahok na ahensya hinggil sa pag-iimbak, paglalahad sa mga third party, pagpapanatili, at pagwasak ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan; at
4. Isang paglalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at bata hinggil sa impormasyong ito, kabilang ang mga karapatan sa ilalim ng *FERPA* at mga ipinapatupad na regulasyon nito sa 34 CFR Bahagi 99.

Bago ang anumang malaking aktibidad ng pagtukoy, paghahanap, o pagtatasa (tinatawag ding “paghahanap ng bata”), ang abiso ay dapat ilathala o ianunsyo sa mga pahayagan o iba pang media, o sa pareho, kung saan sapat ang sirkulasyon nito upang maabisuhan ang mga magulang sa buong Estado tungkol sa aktibidad upang maghanap, tumukoy, at magtasa ng mga batang nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo.

Mga Karapatan sa Access

34 CFR §300.613

Dapat kang pahintulutan ng lumalahok na ahensya na siyasatin at suriin ang anumang pang-edukasyong record na nauugnay sa iyong anak na kinokolekta, pinangangalagaan, o ginagamit ng lumalahok na ahensya sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*. Dapat sumunod ang lumalahok na ahensya sa iyong kahilingang siyasatin at suriin ang anumang pang-edukasyong record ng iyong anak nang walang anumang hindi kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pagpupulong hinggil sa isang *IEP*, o anumang walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso (kabilang ang pagpupulong ng pagresolba o isang pagdinig hinggil sa disiplina), at sa anumang kaso sa loob ng hindi hihigit sa 45 araw ng kalendaryo pagkatapos mong maghain ng kahilingan.

Kabilang sa iyong karapatang magsiyasat at magsuri ng mga pang-edukasyong record:

1. Ang iyong karapatan para sa isang tugon mula sa lumalahok na ahensya sa iyong mga makatuwirang kahilingan para sa mga paliwanag at interpretasyon ng mga record;
2. Ang iyong karapatang hilinging magbigay ang lumalahok na ahensya ng mga kopya ng mga record kung hindi mo magagawang siyasatin at suriin ang mga record maliban na lang kung matatanggap mo ang mga kopyang iyon; at
3. Ang iyong karapatang ipasiyasat at ipasuri sa iyong kinatawan ang mga record.

Maaaring ipagpalagay ng lumalahok na ahensyang may awtoridad kang siyasatin at suriin ang mga record na nauugnay sa iyong anak maliban na lang kung naabisuhan silang wala kang awtoridad sa ilalim ng mga nalalapat na batas ng Estado na umiiral sa mga naturang usapin tulad ng pagiging tagapangalaga, o paghihiwalay at diborsyo.

Record ng Access

34 CFR §300.614

Ang bawat lumalahok na ahensya ay dapat magtago ng record ng mga panig na kumukuha ng access sa mga pang-edukasyong record na kinokolekta, pinangangalagaan, o ginagamit sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* (maliban sa access ng mga magulang at awtorisadong empleyado ng lumalahok na ahensya), kabilang ang pangalan ng panig, ang petsa kung kailan naibigay ang access, at ang layunin kung para saan pinahintulutan ang panig na gamitin ang mga record.

Mga Record tungkol sa Higit sa Isang Bata

34 CFR §300.615

Kung ang anumang pang-edukasyong record ay may kasamang impormasyon tungkol sa higit sa isang bata, ang mga magulang ng mga batang iyon ay may karapatang siyasatin at suriin ang impormasyong nauugnay lang sa kanilang anak o mabigyang-alam tungkol sa partikular na impormasyong iyon.

Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon

34 CFR §300.616

Kapag hiniling, dapat kang bigyan ng bawat lumalahok na ahensya ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga pang-edukasyong record na kinokolekta, pinangangalagaan, o ginagamit ng ahensya.

Mga Bayarin

34 CFR §300.617

Ang bawat lumalahok na ahensya ay maaaring maningil ng bayad para sa mga kopya ng mga record na ginawa para sa iyo sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*, kung ang bayarin ay hindi nakakapigil sa iyo sa pagsasagawa ng iyong karapatang siyasatin at suriin ang mga record na iyon.

Ang isang lumalahok na ahensya ay hindi maaaring maningil ng bayarin upang maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*.

Pag-amyenda ng Mga Record ayon sa Kahilingan ng Magulang

34 CFR §300.618

Kung pinaniniwalaan mong ang impormasyon sa mga pang-edukasyong record hinggil sa iyong anak na kinolekta, pinangangalagaan, o ginagamit sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* ay hindi tumpak, nakakalinlang, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang karapatan ng iyong anak, maaari mong hilingin sa lumalahok na ahensyang nangangalaga sa impormasyon na baguhin ang impormasyon.

Dapat magpasya ang lumalahok na ahensya kung babaguhin o hindi ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan sa loob ng makatuwirang panahon mula sa pagkakatanggap ng iyong kahilingan.

Kung tatanggi ang lumalahok na ahensya na baguhin ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan, dapat nitong ipaalam sa iyo ang tungkol sa pagtanggi at abisuhan ka tungkol sa iyong karapatan sa isang pagdinig gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na Oportunidad Para sa isang Pagdinig.

Oportunidad para sa isang Pagdinig

34 CFR §300.619

Kapag hiniling, dapat kang bigyan ng lumalahok na ahensya ng oportunidad para sa isang pagdinig upang kuwestiyunin ang impormasyon sa mga pang-eduksayong record hinggil sa iyong anak upang matiyak na ito ay tumpak, hindi nakakalinlang, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang karapatan ng iyong anak.

Mga Hakbangin ng Pagdinig

34 CFR §300.621

Ang isang pagdinig upang kuwestiyunin ang impormasyon sa mga pang-edukasyong record ay dapat isagawa alinsunod sa mga hakbangin para sa mga naturang pagdinig sa ilalim ng *FERPA*.

Resulta ng Pagdinig

34 CFR §300.620

Kung magpapasya ang lumalahok na ahensya, bilang resulta ng pagdinig, na ang impormasyon ay hindi tumpak, nakakalinlang, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang karapatan ng bata, dapat nitong baguhin ang impormasyon nang naaayon at ipaalam ito sa iyo sa pamamagitan ng sulat.

Kung magpapasya ang lumalahok na ahensya, bilang resulta ng pagdinig, na ang impormasyon ay tumpak, hindi nakakalinlang, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang karapatan ng iyong anak, dapat nitong ipaalam sa iyo ang iyong karapatang maghain sa mga record na pinangangalagaan nito tungkol sa iyong bata ng pahayag na nagkokomento sa impormasyon o nagbibigay ng anumang dahilan kung bakit ka hindi sumasang-ayon sa desisyon ng lumalahok na ahensya.

Ang naturang paliwanag na ihahain sa mga record ng iyong anak ay dapat:

1. Itago ng lumalahok na ahensya bilang bahagi ng mga record ng iyong anak hangga't ang record o kinukuwestiyong bahagi ay pinangangalagaan ng lumalahok na ahensya; at
2. Kung ilalahad ng lumalahok na ahensya ang mga record ng iyong anak o ang kinukuwestiyong bahagi sa sinumang panig, ang paliwanag ay dapat ding ilahad sa panig na iyon.

Pahintulot Para sa Paglalahad ng Impormasyong Nakakatukoy ng Personal na Pagkakakilanlan

34 CFR §300.622

Maliban na lang kung ang paglalahad ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan na nilalaman ng mga pang-edukasyong record (nang walang pahintulot ng magulang) ay awtorisado sa ilalim ng *FERPA*, dapat munang kunin ang iyong pahintulot bago maglahad ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan sa mga panig maliban sa mga opisyal ng mga lumalahok na ahensya. Maliban sa ilalim ng mga sitwasyong tinutukoy sa ibaba, hindi kinakailangan ang iyong pahintulot bago maglabas ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga lumalahok na ahensya para sa mga layunin ng pagtugon sa isang pag-aatas ng Bahagi B ng *IDEA*.

Ang iyong pahintulot, o ang pahintulot ng isang kuwalipikadong bata na nasa hustong gulang na sa ilalim ng batas ng Estado, ay dapat munang makuha bago maglabas ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensyang nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo ng transition.

Kung ang iyong anak ay nag-aaral, o mag-aaral, sa isang pribadong paaralang hindi matatagpuan sa distrito ng paaralan kung saan ka nakatira, dapat munang makuha ang iyong pahintulot bago maglabas ng anumang impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyong anak sa pagitan ng mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan ka nakatira.

Mga Pag-iingat

34 CFR §300.623

Dapat protektahan ng bawat lumalahok na ahensya ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan sa yugto ng pangongolekta, pag-iimbak, paglalahad, at pagwasak.

Tig-isang opisyal sa bawat lumalahok na ahensya ang dapat umako sa responsibilidad ng pagtiyak sa pagiging kumpidensyal ng anumang impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan.

Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan ay dapat makatanggap ng pagsasanay o pagtuturo hinggil sa mga patakaran at hakbangin ng Michigan hinggil sa pagiging kumpidensyal sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* at *FERPA*.

Ang bawat lumalahok na ahensya ay dapat magtago, upang masiyasat ng publiko, ng kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyadong iyon sa loob ng ahensya na maaaring may access sa impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan.

Pagwasak ng Impormasyon

34 CFR §300.624

Dapat ipaalam sa iyo ng iyong distrito ng paaralan kapag hindi na kailangan ang kinokolekta, pinangangalagaan, o ginagamit na impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* upang magbigay ng mga pang-edukasyong serbisyo sa iyong anak.

Dapat wasakin ang impormasyon kapag hiniling mo. Gayunpaman, maaaring magtago ng permanenteng record ng pangalan, address, at numero ng telepono ng iyong anak, kaniyang mga marka, record ng pagpasok, pinasukang klase, natapos na baitang, at taon ng pagtatapos nang walang limitasyon ng panahon.

Mga Karapatan ng Mag-aaral

34 CFR §300.625

Sa ilalim ng mga regulasyon ng *FERPA*, ang mga karapatan ng mga magulang hinggil sa mga pang-edukasyong record ay mailipat sa mag-aaral pagsapit niya sa 18 taong gulang.

Ang mga karapatan ng mga magulang sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* hinggil sa mga pang-edukasyong record ay mailipat din sa mag-aaral pagsapit niya sa 18 taong gulang. Gayunpaman, dapat ibigay ng isang lumalahok na ahensya ang anumang abisong ipinag-aatas sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* sa mag-aaral at sa mga magulang.

Pagpapagitna

Pagpapagitna

34 CFR §300.506

Pangkalahatan
Naglatag ang *MDE* ng mga hakbangin upang gawing available ang pagpapagitna upang mabigyang-daan ka at ang distrito ng paaralan na magresolba ng mga hindi pagkakasundo kaugnay ng anumang usapin sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi C ng *IDEA*, kabilang ang mga usaping magbubunsod bago ang paghahain ng reklamo sa estado o reklamo sa tamang proseso. Samakatuwid, available ang pagpapagitna upang magresolba ng mga hidwaan sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi C ng *IDEA*, nakapaghain ka man o hindi ng reklamo sa tamang proseso upang humiling ng pagdinig ng tamang proseso gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na **Paghahain ng Reklamo sa Tamang Proseso**.

Mga Pag-aatas
Tinitiyak ng mga hakbangin na ang proseso ng pagpapagitna ay:

1. Boluntaryo para sa iyo at para sa distrito ng paaralan;
2. Hindi ginagamit upang ipagkait o iantala ang iyong karapatan sa isang pagdinig ng tamang proseso, o upang ipagkait ang anumang iba pang karapatang mayroon ka sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi C ng *IDEA*; at
3. Isinasagawa ng isang kuwalipikado at walang pinapanigang tagapamagitan na dumaan sa pagsasanay sa mga mabisang paraan ng pagpapagitna.

Ang distrito ng paaralan ay maaaring bumuo ng mga hakbanging nag-aalok sa mga magulang at paaralang pinipiling hindi gamitin ang hakbangin ng pagpapagitna, ng oportunidad na makipagpulong, sa oras at lokasyong madali para sa iyo, sa isang walang kinikilingang panig:

1. Na may kontrata sa isang naaangkop na alternatibong entidad sa pagresolba, o isang sentro ng pagsasanay at impormasyon ng magulang o sentro ng sanggunian ng magulang ng komunidad sa Estado; at
2. Magpapaliwanag sa iyo sa mga benepisyo at maghihikayat sa iyo sa paggamit ng proseso ng pagpapagitna.

Ang *MDE* ay mayroon dapat listahan ng mga tao na mga kuwalipikadong tagapamagitan at nakakaalam sa mga batas at regulasyon kaugnay ng pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo. Ang *MDE* ay dapat pumili ng mga tagapamagitan sa random, rotational, o iba pang walang pinapanigang paraan.

Ang Estado ay responsable para sa gastos ng proseso ng pagpapagitna, kabilang ang mga gastos ng mga pagpupulong. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay ng Mga Serbisyo ng Pagpapagitna ng Espesyal na Edukasyon [*Special Education Mediation Services*] (http://MiKids1st.org).

Ang bawat pagpupulong sa proseso ng pagpapagitna ay dapat iiskedyul nang napapanahon at idaos sa isang lugar na madaling puntahan para sa iyo at sa distrito ng paaralan.

Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay magreresolba ng hidwaan sa pamamagitan ng proseso ng pagpapagitna, ang parehong panig ay dapat pumasok sa isang kasunduang legal na may bisa na ipinapatupad ang pagresolba at:

1. Nagsasaad na ang lahat ng talakayang naganap sa proseso ng pagpapagitna ay mananatiling kumpidensyal at hindi maaaring gamitin ang mga ito bilang ebidensya sa anumang susunod na pagdinig ng tamang proseso o sibil na pagdinig; at
2. Nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na ipailalim dito ang distrito ng paaralan.

Ang isang nakasulat at nalagdaang kasunduan sa pagpapagitna ay maaaring ipatupad sa anumang hukuman ng Estado na may naaangkop na hurisdiksyon (isang hukumang may awtoridad sa ilalim ng batas ng Estado na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa isang hukuman ng distrito ng United States.

Ang mga talakayang nangyari sa proseso ng pagpapagitna ay dapat kumpidensyal. Hindi maaaring gamitin ang mga ito bilang ebidensya sa anumang pagdinig ng tamang proseso o sibil na pagdinig ng anumang pederal na hukuman o hukuman ng estado ng isang estadong tumatanggap ng tulong sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi C ng *IDEA* sa hinaharap.

Pagiging walang pinapanigan ng tagapamagitan
Ang tagapamagitan ay:

1. Hindi maaaring empleyado ng *MDE* o distrito ng paaralan na may bahagi sa edukasyon o pangangalaga ng iyong anak; at
2. Wala dapat personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging obhetibo ng tagapamagitan.

Ang isang tao na kuwalipikado bilang tagapamagitan ay hindi empleyado ng isang distrito ng paaralan o ahensya ng Estado dahil lang binabayaran siya ng ahensya o distrito ng paaralan upang maglingkod bilang tagapamagitan.

Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado

Pagkakaiba ng Reklamo sa Pagdinig ng Tamang Proseso at Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado

Ang mga regulasyon para sa Bahagi B ng *IDEA* ay nagtatakda ng mga magkahiwalay na hakbangin para sa mga reklamo sa Estado at para sa mga reklamo at pagdinig ng tamang proseso. Gaya ng ipinapaliwanag sa ibaba, ang sinumang indibidwal o organisasyon ay maaaring maghain ng reklamo ng Estado na nagpaparatang ng paglabag sa anumang pag-aatas ng Bahagi B o Bahagi C ng isang distrito ng paaralan, *MDE*, o anupamang pampublikong ahensya. Ikaw o isang distrito ng paaralan lang ang maaaring maghain ng rekalmo sa tamang proseso sa anumang usaping nauugnay sa isang panukala o pagtangging simulan o baguhin ang pagtukoy, pagtatasa, o pang-edukasyong kinalalagyan ng isang batang may kapansanan, o sa pagbibigay ng *FAPE* sa bata. Habang dapat maglutas ang tauhan ng *MDE* ng reklamo sa Estado sa loob ng 60 araw ng kalendaryo na timeline sa pangkalahatan, maliban na lang kung pinalawig nang wasto ang timeline, ang isang *ALJ* ay dapat magdinig ng reklamo sa tamang proseso (kung hindi ito mareresolba sa pamamagitan ng isang pagpupulong ng pagresolba o sa pamamagitan ng pagpapagitna) at maglathala ng nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng katapusan ng yugto ng pagresolba, gaya ng inilalarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng heading na **Proseso ng Pagresolba**, maliban na lang kung magkakaloob ang *ALJ* ng partikular na pagpapalawig ng timeline ayon sa iyong kahilingan o sa kahilingan ng distrito ng paaralan. Ang proseso ng reklamo sa Estado at reklamo, pagresolba, at pagdinig ng tamang proseso ay inilalarawan nang mas buo sa ibaba.

Pagpapatupad ng Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado

34 CFR §300.151

Pangkalahatan

Ang *MDE* ay dapat may mga nakasulat na hakbangin (tingnan ang Mga Panuntunang Administratibo para sa Espesyal na Edukasyon, Panuntunan 340.1701a, 340.1851-1853) para sa:

1. Pagresolba ng anumang rekalmo sa Estado, kabilang ang isang reklamong inihain ng isang organisasyon o indibidwal mula sa ibang Estado;
2. Paghahain ng reklamo.
3. Malawakang pagpapakalat sa mga hakbangin ng reklamo sa Estado sa mga magulang at iba pang interesadong indibidwal, kabilang ang mga sentro ng pagsasanay at impormasyon ng magulang, ahensya ng proteksyon at adbokasiya, sentro ng independiyenteng pamumuhay, at iba pang naaangkop na entidad.

Mga Remedyo para sa pagkait ng mga naaangkop na serbisyo
Sa pagresolba ng reklamo sa Estado kung saan nakahanap ang *MDE* ng kabiguang magbigay ng mga naaangkop na serbisyo, dapat tugunan ng *MDE* ang:

1. Kabiguang magbigay ng mga naaangkop na serbisyo, kabilang ang pagkilos ng pagtutuwid na naaangkop upang matugunan ang mga pangangailangan ng bata; at
2. Naaangkop na pagbibigay ng mga serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng batang may kapansanan.

Minimum na Mga Hakbangin ng Reklamo sa Estado

34 CFR §300.152

Limitasyon sa oras; minimum na mga hakbangin
Magsasama ang *MDE*, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon [*Office of Special Education (OSE*)], sa mga hakbangin nito ng reklamo sa Estado ng limitasyon sa oras na 60 araw ng kalendaryo pagkatapos maihain ang isang reklamo upang:

1. Magsagawa ng independiyenteng on-site na pagsisiyasat, kung matutukoy ng *MDE* na kinakailangan ang pagsisiyasat;
2. Bigyan ang nagreklamo ng oportunidad na magsumite ng karagdagang impormasyon, pasalita man o pasulat, tungkol sa mga paratang sa reklamo;
3. Bigyan ang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya ng oportunidad na tumugon sa reklamo, kabilang ang, sa minimum na paraan: (a) kung pipiliin ng ahensya, isang panukalang resolbahin ang reklamo; at (b) isang oportunidad para sa magulang na naghain ng reklamo at sa ahensya na boluntaryong magkasundong sumailalim sa pagpapagitna;
4. Suriin ang lahat ng nauugnay na impormasyon at gumawa ng independiyenteng kapasyahan kung may nalalabag ang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya na pag-aatas ng Bahagi B ng *IDEA*; at
5. Maglathala ng nakasulat na desisyon sa nagreklamo na tumutugon sa bawat paratang sa reklamo at nagsasaad ng: (a) mga natuklasang impormasyon at kongklusyon; at (b) mga dahilan para sa pinal na desisyon ng *MDE*.

Pagpapalawig ng oras; pinal na desisyon; pagpapatupad
Ang mga hakbangin ng *MDE* na inilalarawan sa itaas ay dapat ding:

1. Magpahintulot lang ng pagpapalawig sa 60 araw ng kalendaryo na limitasyon sa oras kung: (a) may mga kakatwang sitwasyon hinggil sa isang partikular na reklamo sa Estado; o (b) ang magulang at ang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya na nakikibahagi ay boluntaryong sasang-ayon na palawigin ang oras upang resolbahin ang usapin sa pamamagitan ng pagpapagitna.
2. May kasamang mga hakbangin para sa mabisang pagpapatupad ng pinal na desisyon ng *MDE*, kung kinakailangan, kabilang ang: (a) mga aktibidad ng teknikal na tulong; (b) mga negosasyon; at (c) mga pagkilos ng pagtutuwid upang sumunod.

Mga reklamo sa estado at pagdinig ng tamang proseso
Kung may matatanggap na nakasulat na reklamo sa Estado na paksa rin ng pagdinig ng tamang proseso gaya ng inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng heading na **Paghahain ng Reklamo sa Tamang Proseso**, o naglalaman ang reklamo ng Estado ng maraming isyu kung saan ang isa o higit pa ay bahagi ng naturang pagdinig, dapat isantabi ng Estado ang reklamo sa Estado, o anumang bahagi ng reklamo sa Estado na tinutugunan sa pagdinig ng tamang proseso hanggang matapos ang pagdinig. Ang anumang isyu sa reklamo sa Estado na hindi bahagi ng pagdinig ng tamang proseso ay dapat maresolba gamit ang limitasyon sa oras at mga hakbanging inilalarawan sa itaas.

Kung ang isang isyu na binanggit sa isang reklamo sa Estado ay dati nang napagpasyahan sa isang pagdinig ng tamang proseso na may kinalaman sa parehong mga panig (ikaw at ang distrito ng paaralan), umiiral ang pagdinig ng tamang proseso sa isyu na iyon at dapat ipaalam ng *MDE* sa nagreklamo na umiiral ang desisyon.

Ang isang reklamong nagpaparatang sa kabiguan ng isang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya na magpatupad ng desisyon sa pagdinig ng tamang proseso ay dapat resolbahin ng *MDE*.

Paghahain ng Reklamo sa Estado

34 CFR §300.153

Ang isang organisasyon o indibidwal ay maaaring maghain ng nilagdaang nakasulat na reklamo sa Estado sa ilalim ng mga hakbanging inilalarawan sa itaas.

Kasama dapat sa reklamo sa Estado ang:

1. Isang pahayag na ang isang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya ay lumabag sa:
   a. Anumang kasalukuyang probisyon ng mga panuntunang administratibo para sa espesyal na edukasyon;
   b. 1976 PA 451, *MCL* 380.1 et seq., dahil hinggil ito sa mga programa at serbisyo ng espesyal na edukasyon;
   c. Batas ng edukasyon ng mga indibidwal na may kapansanan ng 2004, 20 U.S.C., kabanata 33, §1400 et seq., at mga regulasyong nagpapatupad sa batas, 34 C.F.R. bahagi 300, at 34 C.F.R. bahagi 303; Ang mga impormasyon kung saan nakabatay ang pahayag;
   d. Isang plano ng intermediate na distrito ng paaralan;
   e. Isang ulat ng team ng programa ng indibidwalisadong edukasyon, desisyon ng tanggapan ng pagdinig, o desisyon ng hukuman hinggil sa mga programa o serbisyo ng espesyal na edukasyon; o
   f. Aplikasyon ng estado para sa mga pederal na pondo sa ilalim ng *IDEA*.
2. Lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa nagrereklamo; at
3. Kung nagpaparatang ng mga paglabag hinggil sa isang partikular na bata:
   a. Pangalan ng bata at address ng tirahan ng bata;
   b. Pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;
   c. Sa kaso ng isang bata o kabataang walang tahanan, available na impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata, at pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;
   d. Isang paglalarawan ng katangian ng problema ng bata, kabilang ang mga impormasyong kaugnay ng problema; at
   e. Isang ipinapanukalang pagresolba ng programa na nasa abot ng nalalaman ng at available sa panig na naghahain sa reklamo sa panahong inihain ang reklamo.

Ang reklamo ay dapat magparatang ng paglabag na naganap nang hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa kung kailan matatanggap ng *MDE* o *ISD* ang reklamo.

Ang panig na naghahain sa reklamo sa Estado ay dapat magpadala ng kopya ng reklamo sa distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya na nagbibigay ng serbisyo sa bata kasabay ng paghain ng panig ng reklamo sa *OSE*.

Ang *MDE* ay bumuo ng modelong form upang makatulong sa paghahain ng reklamo sa Estado. Available ang modelong form sa *website ng OSE* (www.michigan.gov/specialeducation). Hindi ipinag-aatas sa iyo na gamitin ang modelong form. Gayunpaman, laman dapat ng reklamo ang ipinag-aatas na impormasyon para sa paghahain ng reklamo sa Estado (Tingnan ang 1-4 sa itaas).

Mga Hakbangin ng Reklamo sa Tamang Proseso

Paghahain ng Reklamo sa Tamang Proseso

34 CFR §300.507

Pangkalahatan
Ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring maghain ng reklamo sa tamang proseso sa anumang usaping nauugnay sa isang panukala o pagtangging simulan o baguhin ang pagtukoy, pagtatasa, o pang-edukasyong kinalalagyan ng iyong anak, o ang pagbibigay ng *FAPE* sa iyong child.

Ang reklamo sa tamang proseso ay dapat magparatang ng paglabag na naganap nang hindi hihigit sa dalawang taon bago mo nalaman o bago malaman ng distrito ng paaralan o inaasahang nalaman ninyo ang ipinaparatang na pagkilos na batayan ng reklamo sa tamang proseso.

Hindi nalalapat sa iyo ang timeline sa itaas kung hindi ka makakapaghain ng reklamo sa tamang proseso sa loob ng timeline dahil:

1. Partikular na maling ipinahayag ng distrito ng paaralan na naresolba na nito ang mga isyung natukoy sa reklamo; o
2. Ang distrito ng paaralan ay may impormasyong hindi ibinigay sa iyo na ipinag-aatas dito na ibigay sa iyo sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi C ng *IDEA*.

Impormasyon para sa mga magulang
Dapat ipaalam sa iyo ng distrito ng paaralan ang tungkol sa mga libre o murang serbisyong legal o iba pang nauugnay na serbisyong available sa lugar kung hihilingin mo ang impormasyon, o kung maghahain ka o ang distrito ng paaralan ng reklamo sa tamang proseso.

Reklamo sa Tamang Proseso

34 CFR §300.508

Pangkalahatan
Upang humiling ng pagdinig, ikaw o ang distrito ng paaralan (o ang iyong abogado o ang abogado ng distrito ng paaralan) ay dapat maghain ng reklamo sa tamang proseso sa *MDE*, at magbigay ng kopya sa kabilang panig. Nilalaman dapat ng reklamo ang lahat ng nilalamang nakalista sa ibaba at dapat itong panatilihing kumpidensyal.

Nilalaman ng reklamo
Kasama dapat sa reklamo sa tamang proseso ang:

1. Pangalan ng bata;
2. Address ng tirahan ng bata;
3. Pangalan ng paaralan ng bata;
4. Kung ang bata ay isang bata o kabataang walang tahanan, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bata at ang pangalan ng paaralan ng bata;
5. Isang paglalarawan ng katangian ng problema ng bata kaugnay ng ipinapanukala o tinanggihang pagkilos, kabilang ang mga impormasyong nauugnay sa problema; at
6. Isang ipinapanukalang pagresolba ng problema na nasa abot ng nalalaman mo at available sa iyo o sa distrito ng paaralan sa panahong iyon.

Abisong kinakailangan bago ang isang pagdinig ng isang reklamo sa tamang proseso
Ikaw o ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magkaroon ng pagdinig ng tamang proseso hanggang maghain nang wasto ang distrito ng paaralan (o ang iyong abogado o ang abogado ng distrito ng paaralan), ng reklamo sa tamang proseso na mayroon ng impormasyong nakalista sa itaas. Ang reklamo sa tamang proseso ay naihain nang wasto kung natanggap ito ng *MDE* at ng kabilang panig.

Pagiging sapat ng reklamo
Upang umusad ang isang reklamo sa tamang proseso, dapat itong maituring na sapat. Ang reklamo sa tamang proseso ay maituturing na sapat (natugunan ang mga kinakailangan sa nilalaman sa itaas) maliban na lang kung aabisuhan ng panig na tumatanggap sa reklamo sa tamang proseso (ikaw o ang distrito ng paaralan) ang *ALJ* at ang kabilang panig sa pamamagitan ng sulat, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula noong natanggap ang reklamo, na pinaniniwalang ng tumatanggap na panig na hindi natutugunan ng reklamo sa tamang proseso ang mga pag-aatas na nakalista sa itaas.

Sa loob ng limang araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkakatanggap ng abiso na itinuturing ng tumatanggap na panig (ikaw o ang distrito ng paaralan) na hindi sapat ang reklamo sa tamang proseso, dapat magpasya ang *ALJ* kung tumutugon ang reklamo sa tamang proseso sa mga pag-aatas na nakalista sa itaas, at dapat ka nitong abisuhan at dapat nitong abisuhan ang distrito ng paaralan kaagad sa pamamagitan ng sulat.

Pag-amyenda sa reklamo
Ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaari lang na gumawa ng mga pagbabago sa reklamo kung:

1. Aaprubahan ng kabilang panig ang mga pagbabago sa pamamagitan ng sulat at mabibigyan sila ng pagkakataong resolbahin ang reklamo sa tamang proseso sa pamamagitan ng isang pagpupulong ng pagresolba na inilalarawan sa ibaba; o
2. Papahintulutan ng *ALJ* ang mga pagbabago, sa loob ng hindi lalampas sa limang araw bago magsimula ang pagdinig ng tamang proseso.

Kung gagawa ng mga pagbabago sa reklamo sa tamang proseso ang nagrereklamong panig (ikaw o ang distrito ng paaralan), ang mga timeline para sa pagpupulong ng pagresolba (sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula noong natanggap ang reklamo) at ang yugto ng panahon para sa pagresolba (sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula noong nantanggap ang reklamo) ay magsisimulang muli sa petsa kung kailan inihain ang inamyendahang reklamo.

Tugon ng distrito ng paaralan sa isang reklamo sa tamang proseso
Kung ang distrito ng paaralan ay hindi pa nagpapadala ng paunang nakasulat na abiso sa iyo, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na **Paunang Nakasulat na Abiso**, hinggil sa usaping paksa na nilalaman ng iyong reklamo sa tamang proseso, dapat kang padalhan ng distrito ng paaralan ng tugon, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula noong natanggap ang reklamo sa tamang proseso, na mayroong:

1. Paliwanag kung bakit ipinapanukala ng distrito ng paaralan o ayaw nitong isagawa ang pakilos na binanggit sa reklamo sa tamang proseso;
2. Paglalarawan ng iba pang opsyon na pinag-isipan ng *IEP* Team ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon;
3. Paglalarawan ng bawat hakbangin ng pagtatasa, pagsusuri, record, o ulat na ginamit ng distrito ng paaralan bilang batayan para sa ipinapanukala o tinanggihang pagkilos; at
4. Paglalarawan ng iba pang salik na nauugnay sa ipinapanukala o tinanggihang pagkilos ng distrito ng paaralan.

Ang pagbibigay ng impormasyon sa item 1-4 sa itaas ay hindi makakapigil sa paggiit ng distrito ng paaralan na hindi sapat ang iyong reklamo sa tamang proseso.

Tugon ng kabilang panig sa isang reklamo sa tamang proseso
Maliban na lang ayon sa nakasaad sa ilalim ng naunang sub-heading na **Tugon ng distrito ng paaralan sa isang reklamo sa tamang proseso**, dapat padalhan ng panig na tumatanggap ng reklamo sa tamang proseso, sa loob ng 10 araw ng

kalendaryo mula noong natanggap ang reklamo, ang kabilang panig ng tugon na partikular na tumutugon sa mga isyu sa reklamo.

Mga Modelong Form

34 CFR §300.509

Ang *MDE* ay bumuo ng modelong form upang matulungan kang maghain ng reklamo sa tamang proseso. Hindi ipinag-aatas sa iyo na gamitin ang modelong form ng *MDE*. Gayunpaman, nilalaman dapat ng reklamo sa tamang proseso ang ipinag-aatas na impormasyon para sa paghahain ng reklamo sa tamang proseso. Available ang modelong form sa *website ng OSE* (www.michigan.gov/specialeducation).

(Tandaan: Hindi nagagarantiyahan ng paggamit sa modelong form na ituturing ng *ALJ* na sapat ang reklamo kung tututol ang kabilang panig sa pagiging sapat ng reklamo.)

Ang Kinalalagyan ng Bata Habang Nakabinbin ang Reklamo at Pagdinig ng Tamang Proseso

34 CFR §300.518

Maliban na lang ayon sa itinatakda sa ibaba sa ilalim ng heading na **Mga Hakbangin Kapag Nagdidisiplina ng Mga Batang May Kapansanan**, kapag may reklamo sa tamang proseso na naihain sa *MDE* at natanggap ng kabilang panig, ang iyong anak ay dapat manatili sa kaniyang kasalukuyang pang-edukasyong kinalalagyan sa panahon ng proseso ng pagresolba, at habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso o pagdinig ng hukuman, maliban na lang kung iba ang mapagkakasunduan mo at ng Estado o distrito ng paaralan.

Kung ang reklamo sa tamang proseso ay may kasamang aplikasyon para sa paunang admission sa pampublikong paaralan, ang iyong anak, sa iyong pahintulot, ay dapat ilagay sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang matapos ang lahat ng naturang pagdinig.

Kung ang reklamo sa tamang proseso ay may kasamang aplikasyon para sa mga paunang serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* para sa isang bata na lumilipat mula sa pagtanggap ng serbisyo sa ilalim ng Bahagi C ng *IDEA* paphunta sa Bahagi B ng *IDEA* at hindi na kuwalipikado sa mga serbisyo ng Bahagi C dahil tatlong taong gulang na ang bata, hindi kinakailangan ng distrito ng paaralan na ibigay ang mga serbisyo ng Bahagi C na dating natatanggap ng bata. Kung matutukoy na kuwalipikado ang bata sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* at papahintulutan mong tumanggap ang bata ng espesyal na eduaksyon at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, habang nakabinbin ang kalalabasan ng mga pagdinig, dapat

ibigay ng distrito ng paaralan ang mga espesyal na edukasyon at nauugnay na serbisyong iyon na hindi pinagtatalunan (ang mga naturang serbisyo kung saan kayo nagkakasundo ng distrito ng paaralan).

Proseso ng Pagresolba

34 CFR §300.510

Pagpupulong ng pagresolba
Ang distrito ng paaralan ay dapat magdaos ng pagpupulong ng pagresolba kasama ka at ang nauugnay na miyembro o mga miyembro ng *IEP* Team na may partikular na kaalaman ng mga impormasyong natukoy sa iyong reklamo sa tamang proseso. Ang pagpupulong ng pagresolba ay dapat idaos sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos maihain ang reklamo sa tamang proseso sa *MDE*, at pagkatapos itong matanggap ng distrito ng paaralan. Hindi maaaring magsimula ang pagdinig ng tamang proseso hanggang maisagawa ang pagpupulong ng pagresolba. Ang pagpupulong ay:

1. Dapat may kasamang kinatawan ng distrito ng paaralang may awtoridad na gumawa ng desisyon sa ngalan ng distrito ng paaralan; at
2. Hindi maaaring kabilangan ng abogado ng distrito ng paaralan maliban na lang kung may kasama kang abogado.

Ikaw at ang distrito ng paaralan ang tutukoy sa mga nauugnay na miyembro ng IEP Team na dadalo sa pagpupulong.

Ang layunin ng pagpupulong ay upang talakayin ninyo ang iyong reklamo sa tamang proseso, at ang mga impormasyong batayan ng reklamo, upang magkaroon ng oportunidad ang distrito ng paaralan na resolbahin ang hidwaan.

Hindi ipinag-aatas ang pagpupulong ng pagresolba kung:

1. Magkakasundo kayo ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat na ipagpaliban ang pagpupulong; o
2. Magkakasundo kayo ng distrito ng paaralan na gamitin ang proseso ng pagpapagitna, ayon sa paglalarawan sa ilalim ng heading na **Pagpapagitna**.

Yugto ng pagresolba
Kung hindi naresolba ng distrito ng paaralan ang reklamo sa tamang proseso sa paraang ikasisiya mo sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa pagkakatanggap ng reklamo sa tamang proseso (sa loob ng panahon para sa proseso ng pagresolba), maaaring ganapin ang pagdinig ng tamang proseso.

Ang 45 araw ng kalendaryo na timeline para sa paglathala ng pinal na desisyon ay magsisimula sa pagpaso ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng pagresolba,

nang may ilang partikular na pagbubukod para sa mga pagsasaayos na ginawa sa 30 araw ng kalendaryo na panahon ng pagresolba, gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Maliban na lang kung nagkasundo kayo ng distrito ng paaralan na ipagpaliban ang proseso ng pagresolba o gamitin ang pagpapagitna, ang iyong kabiguang lumahok sa pagpupulong ng pagresolba ay ikaaantala ng mga timeline para sa proseso ng pagresolba at pagdinig ng tamang proseso hanggang lumahok ka sa isang pagpupulong.

Kung hindi nakuha ng distrito ng paaralan ang iyong paglahok sa pagpupulong ng pagresolba pagkatapos ng mga makatuwirang pagsisikap at pagdokumento sa mga naturang pagsisikap, maaaring hilingin ng distrito ng paaralan, sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng pagresolba, na i-dismiss ng isang *ALJ* ang iyong reklamo sa tamang proseso. Kasama dapat sa dokumentasyon ng mga naturang pagsisikap ang isang record ng mga pagsisikap ng distrito ng paaralan na magkasundo sa isang oras at lugar na kapuwa sinang-ayunan, tulad ng:

1. Detalyadong record ng mga pagtawag sa telepono na sinagot o tinangka at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng mga sulat na ipinadala sa iyo at anumang natanggap na tugon; at
3. Mga detalyadong record ng mga pagdalaw sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagdalaw na iyon.

Kung hindi maidaraos ng distrito ng paaralan ang pagpupulong ng pagresolba sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa pagkakatanggap ng abiso ng iyong reklamo sa tamang proseso, o hindi ito makakalahok sa pagpupulong ng pagresolba, maaari mong hilingin sa isang *ALJ* na iutos na magsimula ang 45 araw ng kalendaryo na timeline ng pagdinig ng tamang proseso.

Mga pagsasaayos sa 30 araw ng kalendaryong panahon ng pagresolba
Kung nagkasundo kayo ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat na ipagpaliban ang pagpupulong ng pagresolba, magsisimula ang 45 araw ng kalendaryo na timeline para sa pagdinig ng tamang proseso sa susunod na araw.

Pagkatapos ng pagsisimula ng pagpapagitna o pagpupulong ng pagresolba at bago ang pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng pagresolba, kung nagkakasundo kayo ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat na walang posibleng kasunduan, magsisimula ang 45 araw ng kalendaryo na timeline para sa pagdinig ng tamang proseso sa susunod na araw.

Kung magkakasundo kayo ng distrito ng paaralan na gamitin ang proseso ng pagpapagitna, sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng pagresolba, maaaring magkasundo ang parehong panig sa pamamagitan ng sulat na ituloy ang

pagpapagitna hanggang may maabot na kasunduan. Gayunpaman, kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay uurong sa proseso ng pagpapagitna sa hinaharap, magsisimula ang 45 araw ng kalendaryo na timeline para sa pagdinig ng tamang proseso sa susunod na araw.

Nakasulat na kasunduan ng pagsasaayos
Kung nagkasundo sa isang pagresolba sa hidwaan sa pagpupulong ng pagresolba, ikaw at ang distrito ng paaralan ay dapat pumasok sa isang legal na umiiral na kasunduang:

1. Nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na ipailalim dito ang distrito ng paaralan; at
2. Maipapatupad sa anumang hukuman ng estado na may naaangkop na hurisdiksyon (may awtoridad ang isang hukuman ng estado na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa isang hukuman ng distrito ng United States.

Panahon ng pagsusuri ng kasunduan
Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay papasok sa isang kasunduan bilang resulta ng isang pagpupulong ng pagresolba, maaaring pawalan ng bisa ng alinmang panig (ikaw o ang distrito ng paaralan) ang kasunduan sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa oras na nilagdaan mo at ng distrito ng paaralan ang kasunduan.

Mga Pagdinig sa Mga Reklamo sa Tamang Proseso

Walang Pinapanigang Pagdinig ng Tamang Proseso

34 CFR §300.511

Pangkalahatan
Sa tuwing may inihahaing reklamo sa tamang proseso, ikaw o ang distrito ng paaralang nadadawit sa hidwaan ay mayroon dapat oportunidad para sa isang walang pinapanigang pagdinig ng tamang proseso, pagkatapos sundin ang mga hakbanging inilalarawan sa seksyong **Reklamo sa Tamang Proseso** at **Proseso** ng Pagresolba.

Walang pinapanigang hukom ng administratibong batas
Bilang minimum, ang isang *ALJ* ay:

1. Hindi dapat empleyado ng *MDE* o distrito ng paaralan na may bahagi sa edukasyon o pangangalaga ng bata. Gayunpaman, ang isang tao ay hindi empleyado ng ahensya dahil lang binabayaran siya ng ahensya upang maglingkod bilang *ALJ*;
2. Wala dapat personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging obhetibo ng *ALJ* sa pagdinig;
3. Dapat maalam sa at nauunawaan ang mga probisyon ng *IDEA*, at mga pederal na regulasyon at regulasyon ng estado hinggil sa *IDEA*, at mga legal na interpretasyon ng *IDEA* ng mga pederal na hukuman at hukuman ng estado; at
4. Dapat may kaalaman at kakayahang magdaos ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, alinsunod sa naaangkop, at pamantayang legal na gawi.

Ang mga *ALJ* ay mga State classified na empleyado ng sibil na serbisyo na mga abogado at nagtatrabaho para sa Tanggapan ng Estado ng Mga Administratibong Pagdinig at Panuntunan [*State Office of Administrative Hearings and Rules* (*SOAHR*)]. Ang *MDE* (sa pamamagitan ng *SOAHR*) ay nagtatago ng listahang may pahayag ng mga kuwalipikasyon ng mga taong iyon na naglilingkod bilang mga *ALJ*.

Usaping paksa ng pagdinig ng tamang proseso
Ang panig (ikaw o ang distrito ng paaralan) na humihiling sa pagdinig ng tamang proseso ay hindi maaaring magbanggit ng mga isyu sa pagdinig ng tamang proseso na hindi natukoy sa reklamo sa tamang proseso, maliban na lang kung sasang-ayon ang kabilang panig.

Timeline para sa paghiling ng pagdinig
Ikaw o ang distrito ng paaralan ay dapat maghain ng reklamo sa tamang proseso sa loob ng dalawang taon mula sa petsa kung kailan mo nalaman o nalaman ng distrito ng paaralan o dapat ninyong nalaman ang tungkol sa (mga) isyu na tinutukoy sa reklamo.

Mga Pagbubukod sa timeline
Hindi nalalapat sa iyo ang timeline sa itaas kung hindi ka makapaghain ng reklamo sa tamang proseso dahil:

1. Partikular na maling ipinahayag ng distrito ng paaralan na naresolba na nito ang problema o isyu na binabanggit mo sa iyong reklamo; o
2. Ang distrito ng paaralan ay may impormasyong hindi ibinigay sa iyo na ipinag-aatas dito na ibigay sa iyo sa ilalim ng Bahagi B o Bahagi C ng *IDEA*.

Mga Karapatan sa Pagdinig

34 CFR §300.512

Pangkalahatan
Ang sinumang panig sa isang pagdinig ng tamang proseso (kabilang ang pagdinig na nauugnay sa mga hakbanging pandisiplina) ay may karapatang:

1. Masamahan at mapayuhan ng isang abogado at/o mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay hinggil sa mga problema ng mga batang may kapansanan;
2. Magpakita ng ebidensya at makipagharap sa, i-cross examine, at pilitin ang pagdalo ng mga saksi;
3. Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang ebidensya sa pagdinig na hindi pa nailalahad sa panig na iyon nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig;
4. Makakuha ng nakasulat, o, kung pipiliin mo, electronic, at word-for-word na record ng pagdinig; at
5. Makakuha ng nakasulat, o, kung pipiliin mo, electronic na mga natuklasan sa impormasyon at mga desisyon.

Karagdagang paglalahad ng impormasyon
Sa loob ng hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang isang pagdinig ng tamang proseso, dapat ninyong ilahad ng distrito ng paaralan sa isa't isa ang lahat ng pagtatasang nakumpleto hanggang sa araw na iyon at mga rekomendasyon batay sa mga pagtatasang iyon na gusto mong gamitin o gustong gamitin ng distrito ng paaralan sa pagdinig.

Maaaring pigilan ng isang ALJ ang anumang panig na mabibigong sumunod sa pag-aatas na ito na ipakilala ang nauugnay na pagtatasa o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng kabilang panig.

Mga karapatan ng magulang sa mga pagdinig
Dapat maibigay sa iyo ang karapatang:

1. Padaluhin ang iyong anak;
2. Ibukas ang pagdinig sa publiko; at
3. Makuha ang record ng pagdinig, maibigay sa iyo ang mga natuklasan sa impormasyon at mga desisyon nang walang gastos.

Mga Desisyon sa Pagdinig

34 CFR §300.513

Desisyon ng hukom ng administratibong batas
Ang desisyon ng isang *ALJ* kung nakatanggap o hindi ng *FAPE* ang iyong anak ay dapat batay sa mga totoong dahilan.

Sa mga usaping nagpaparatang ng paglabag sa hakbangin, maaari lang matukoy ng isang *ALJ* na hindi nakatanggap ng FAPE ang iyong anak kung ang mga pagkukulang sa hakbangin ay:

1. Nakasagabal sa karapatan ng iyong anak sa *FAPE*;
2. Lubhang nakasagabal sa iyong oportunidad na lumahok sa proseso ng pagpapasya hinggil sa pagbibigay ng *FAPE* sa iyong anak; o
3. Nagsanhi ng pagkakakait ng isang pang-edukasyong benepisyo.

Sugnay ng konstruksyon
Wala sa mga probisyong inilalarawan sa itaas ang maaaring bigyang-kahulugan na pumipigil sa isang *ALJ* na utusan ang isang distrito ng paaralan na sumunod sa mga pag-aatas sa seksyong mga pag-iingat sa hakbangin ng mga pederal na regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536).

Hiwalay na kahilingan para sa isang pagdinig ng tamang proseso
Walang anuman sa seksyong mga pag-iingat sa hakbangin ng mga pederal na regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536) ang maaaring bigyang-kahulugan na pumipigil sa iyo na maghain ng hiwalay na reklamo sa tamang proseso sa isang isyu na hiwalay sa isang reklamo sa tamang proseso na naihain na.

Mga natuklasan at desisyon sa lupong tagapagpayo at pangkalahatang publiko

Pagkatapos burahin ang anumang impormasyong nakakatukoy ng personal na pagkakakilanlan, dapat gawin ng *MDE* na:

1. Ibigay ang mga natuklasan at desisyon sa pagdinig ng tamang proseso sa komiteng tagapagpayo sa espesyal na edukasyon ng Estado; at
2. Gawing available sa publiko ang mga natuklasan at desisyong iyon.

Mga Apela

Pagiging Pinal ng Desisyon; Apela; Walang Pinapanigang Pagsusuri

34 CFR §300.514

Pagiging pinal ng desisyon sa pagdinig
Ang isang desisyong ginawa sa isang pagdinig ng tamang proseso (kabilang ang isang pagdinig na nauugnay sa mga hakbanging pandisiplina) ay pinal, gayunpaman maaaring iapela ng alinmang panig sa pagdinig (ikaw o ang distrito ng paaralan) ang desisyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sibil na pagkilos, gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Mga Timeline at Convenience ng Mga Pagdinig

34 CFR §300.515

Dapat tiyakin ng *MDE* na bago ang 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagpaso ng 30 araw ng kalendaryo na panahon para sa mga pagpupulong ng pagresolba o, hindi lalampas sa 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagpaso ng isinaayos na yugto ng panahon gaya ng inilalarawa sa sub-heading na **Mga pagsasaayos sa 30 araw ng kalendaryong panahon ng pagresolba** ay:

1. May naabot nang pinal na desisyon sa pagdinig; at
2. May naipadalang kopya ng desisyon sa bawat panig.

Ang isang *ALJ* ay maaaring magkaloob ng mga partikular na pagpapalawig ng yugto ng panahon lampas sa 45 araw ng kalendaryo na panahong inilalarawan sa itaas kapag hiniling ito ng alinmang panig.

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa oras at lugar na makatuwiran para sa iyo at sa iyong anak.

Mga Sibil na Pagkilos, Kabilang ang Yugto ng Panahon kung Kailan Ihahain ang Mga Pagkilos na Iyon

34 CFR §300.516

Pangkalahatan
Ang alinmang panig (ikaw o ang distrito ng paaralan) na hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan at desisyon sa pagdinig ng tamang proseso (kabilang ang pagdinig na nauugnay sa mga hakbanging pandisiplina) ay may karapatang magsagawa ng sibil na pagkilos hinggil sa usaping paksa ng pagdinig ng tamang proseso. Ang pagkilos ay maaaring idulog sa isang hukuman ng estadong may naaangkop na

hurisdiksyon (isang hukuman ng estado na may awtoridad na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa isang hukuman ng distrito ng United States nang hindi isinasaalang ang halagang pinagtatalunan.

Limitasyon ng oras
Ang panig (ikaw o ang distrito ng paaralan) na magdudulog sa pagkilos ay magkakaroon ng 90 araw ng kalendaryo simula sa petsa ng desisyon ng *ALJ* upang maghain ng sibil na pagkilos.

Mga karagdagang hakbangin
Sa anumang sibil na pagkilos, gagawin ng hukuman na:

1. Tanggapin ang mga record ng mga administratibong pagdinig;
2. Magdinig ng karagdagang ebidensya kapag hiniling mo o hiniling ng distrito ng paaralan; at
3. Ibatay ang mga desisyon nito sa bigat ng ebidensya at ipagkaloob nito ang remedyong matutukoy na naaangkop ng hukuman.

Hurisdiksyon ng mga hukuman ng distrito
May awtoridad ang mga hukuman ng distrito ng United States na mangasiwa sa mga pagkilos na idinudulog sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* nang hindi isinasaalang-alang ang halagang pinagtatalunan.

Panuntunan ng konstruksyon
Walang anuman sa Bahagi B ng *IDEA* ang naghihigpit o naglilimita sa mga karapatan, hakbangin, at remedyong available sa ilalim ng Saligang Batas ng U.S., Batas sa Mga Amerikanong may Kapansanan ng 1990, Pamagat V ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973 (Seksyon 504), o iba pang pederal na batas na pumoprotekta sa mga karapatan ng mga batang may mga kapansanan, gayunpaman bago maghain ng sibil na pagkilos sa ilalim ng mga batas na ito na naglalayon ng remedyong makukuha rin sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*, ang mga hakbangin ng tamang proseso na inilalarawan sa itaas ay dapat magamit sa abot ng ipag-aatas kung inihain ng panig ang pagkilos sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*. Nangangahulugan itong maaaring mayroon kang mga remedyong makukuha sa ilalim ng iba pang batas na katulad ng mga remedyong makukuha sa ilalim ng *IDEA*, ngunit sa pangkalahatan, upang makakuha ng remedyo sa ilalim ng mga batas na iyon, dapat mo munang gamitin ang mga available na administratibong remedyo sa ilalim ng *IDEA* (ibig sabihin, ang reklamo sa tamang proseso, pagpupulong ng pagresolba, at mga walang pinapanigang hakbangin ng pagdinig ng tamang proseso) bago direktang pumunta sa hukuman.

Mga Bayarin ng Abogado

34 CFR §300.517

Pangkalahatan
Sa anumang pagkilos o pagdinig na idinulog sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*, kung ikaw ang mananaig, maaaring magkaloob ang hukuman, sa kapasyahan nito, ng mga makatuwirang bayarin ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa iyo.

Sa anumang pagkilos o pagdinig na idinulog sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*, maaaring magkaloob ang hukuman, sa kapasyahan nito, ng mga makatuwirang bayarin ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa isang mananaig na ahensayng pang-edukasyon ng estado o distrito ng paaralan, na babayaran ng iyong abogado, kung ang abogado ay: (a) naghain ng reklamo o kaso sa hukuman na matutukoy ng hukuman na walang katuturan, hindi makatuwiran, o walang batayan; o (b) patuloy na naglilitis pagkatapos maging malinaw na walang katuturan, hindi makatuwiran, o walang batayan ang paglilitis; o

Sa anumang pagkilos o pagdinig na idinulog sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*, maaaring magkaloob ang hukuman, sa kapasyahan nito, ng mga makatuwirang bayarin ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa isang nananaig na ahensyang pang-edukasyon ng estado o distrito ng paaralan, na babayaran mo o ng iyong abogado, kung ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig ng tamang proseso o kaso sa hukuman sa ibang pagkakataon ay ipinresenta para sa anumang hindi wastong layunin, tulad ng panliligalig, pagsanhi ng hindi kinakailangang pagkaantala, o upang walang katuturang taasan ang gastos ng pagkilos o pagdinig.

Pagkakaloob ng mga bayarin
Nagkakaloob ang isang hukuman ng mga makatuwirang bayarin ng abogado sa mga sumusunod na paraan:

1. Batay dapat ang mga bayarin sa mga halagang karaniwan sa komunidad kung saan nagmula ang pagkilos o pagdinig para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Walang bonus o multiplier na maaaring gamitin sa pagkalkula sa mga bayaring ipagkakaloob.
2. Hindi maaaring magkaloob ng mga bayarin at hindi maaaring mag-reimburse ng mga nauugnay na gastos sa anumang pagkilos o pagdinig sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* para sa mga serbisyong isinasagawa pagkatapos ng isang nakasulat na alok ng pagsasaayos sa iyo kung:
    a. Ang alok ay ginawa sa loob ng panahong itinatakda ng Panuntunan 68 ng Mga Pederal na Panuntunan ng Sibil na Hakbangin o, sa kaso ng isang pagdinig ng tamang proseso, anumang oras na higit sa 10 araw ng kalendaryo bago magsimula ang pagdinig;
    b. Hindi tatanggapin ang alok sa loob ng 10 araw ng kalendaryo; at

c. Matutukoy ng hukuman o *ALJ* na dehado ka sa remedyong nakuha mo sa huli kumpara sa alok ng pagsasaayos.

Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, maaari kang mapagkalooban ng mga bayarin ng abogado at mga nauugnay na gastos kung mananaig ka at ganap na napangatuwiranan ang iyong pagtanggi sa alok ng pagsasaayos.

3. Hindi maaaring magkaloob ng mga bayaring nauugnay sa anumang pagpupulong ng *IEP* Team maliban na lang kung ang pagpupulong ay idinaos bilang resulta ng isang administratibong pagdinig o pagkilos ng hukuman.
4. Hindi rin maaaring magkaloob ng mga bayarin para sa pagpapagitna gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na **Pagpapagitna**.
5. Ang isang pagpupulong ng pagresolba, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na **Pagpupulong ng Pagresolba**, ay hindi itinuturing na isang pagpupulong na idinaos bilang resulta ng isang administratibong pagdinig o pagkilos ng hukuman, at hindi rin ito itinuturing na administratibong pagdinig o pagkilos ng hukuman para sa mga layunin ng mga probisyon sa mga bayarin ng abogado na ito.

Binabawasan ng hukuman, ayon sa naaangkop, ang halaga ng mga bayarin ng abogado na ipinagkakaloob sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*, kung matutukoy ng hukuman na:

1. Ang pinal na pagresolba ng hidwaan ay inantala mo nang hindi makatuwiran o hindi ito makatuwirang inantala ng iyong abogado;
2. Ang halaga ng mga bayarin ng abogado na awtorisado sanang ipagkaloob ay hindi makatuwirang higit sa halaga kada oras na karaniwan sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogadong may katulad na kakayahan, reputasyon, at karanasan;
3. Ang oras na ginugol at mga legal na serbisyong ibinigay ay labis kung isasaalang-alang ang katangian ng pagkilos o pagdinig; o
4. Hindi ibinigay ng abogadong kumakatawan sa iyo sa distrito ng paaralan ang naaangkop na impormasyon sa abiso ng kahilingan ng tamang proseso gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na **Rekalmo sa Tamang Proseso**.

Gayunpaman, hindi maaaring bawasan ng hukuman ang mga bayarin kung matutukoy ng hukuman na hindi makatuwirang inantala ng estado o distrito ng paaralan ang pinal na pagresolba ng pagkilos o pagdinig o mayroong paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng mga pag-iingat sa hakbangin ng Bahagi B ng *IDEA*.

Mga Hakbangin Kapag Nagdidisiplina ng Mga Batang may Mga Kapansanan

Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan

34 CFR §300.530

Pagpapasya ayon sa kaso
Maaaring magsaalang-alang ang mga tauhan ng paaralan ng anumang natatanging sitwasyon batay sa kaso, kapag nagpapasya kung ang isang pagbabago ng kinalalagyan, na isinasagawa alinsunod sa mga sumusunod na pag-aatas kaugnay ng disiplina, ay naaangkop para sa isang batang may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng ugali ng mag-aaral ng paaralan.

Pangkalahatan
Hangga't isinasagawa rin nila ang naturang pagkilos para sa mga batang walang kapansanan, ang mga tauhan ng pag-aaral, sa loob ng hindi hihigit sa **10 araw ng paaralan** na magkakasunod, ay hindi maaaring mag-alis ng batang may kapansanan na lumalabag ng kodigo ng ugali ng mag-aaral sa kaniyang kasalukuyang kinalalagyan papunta sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong pang-edukasyon kaayusan, iba pang lugar, o pagkasuspinde. Ang mga tauhan ng paaralan ay maaari ding magpatupad ng mga karagdagang pag-aalis ng bata na hindi hihigit sa **10 araw ng paaralan** na magkakasunud sa parehong taon ng paaralan na iyon para sa iba't ibang insidente ng masamang gawi, hangga't ang mga pag-aalis na iyon ay hindi katumbas ng pagbabago ng kinalalagyan (tingnan ang **Pagbabago ng Kinalalagyan Dahil sa Mga Pandisiplinang Pag-aalis** para sa kahulugan, sa ibaba).

Kapag naalis na ang isang batang may kapansanan sa kaniyang kasalukuyang kinalalagyan sa loob ng kabuuang tagal na **10 araw ng paaralan** sa parehong taon ng paaralan, dapat magbigay ng mga serbisyo ang distrito ng paaralan, sa loob ng alinmang kasunod na araw ng pag-aalis sa taon ng paaralang iyon, sa abot ng ipinag-aatas sa ilalim ng sub-heading na **Mga Serbisyo**.

Karagdagang awtoridad
Kung ang gawi na labag sa kodigo ng ugali ng mag-aaral ay hindi dulot ng kapansanan ng bata (tingnan ang **Pagtukoy sa dulot**, sa ibaba) at ang pandisiplinang pagbabago ng kinalalagyan ay lalampas sa **10 araw ng paaralan** na magkakasunud, maaaring ilapat ng mga tauhan ng paaralan ang mga hakbanging pandisiplina sa batang may kapansanan na iyon sa katulad na paraan at sa parehong tagal na ilalapat nila ang mga ito sa mga batang walang mga kapansanan, gayunpaman dapat magbigay ang paaralan ng mga serbisyo sa batang iyon gaya ng inilalarawn sa ilalim ng **Mga Serbisyo**. Ang *IEP* Team ng bata

ang tutukoy sa pansamantalang alternatibong pang-edukasyong kaayusan para sa mga naturang serbisyo.

Mga Serbisyo
Ang mga serbisyong dapat ibigay sa isang batang may kapansanang inialis sa kasalukuyang kinalalagyan ng bata ay maaaring ibigay sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyong kaayusan.

Ipinag-aatas lang sa isang distrito ng paaralan na magbigay ng mga serbisyo sa isang batang may kapansanan na naalis sa kaniyang kasalukuyang kinalalagyan sa loob ng **10 araw ng paaralan o mas maikli pa** sa taon ng paaralan na iyon, kung nagbibigay ito ng mga serbisyo sa isang batang walang kapansanan na inalis din sa katulad na paraan. Hindi nag-aatas ang Michigan ng mga serbisyo sa mga mag-aaral na walang kapansanan na inalis sa mga pandisiplinang dahilan.

Ang isang batang may kapansanan na inalis sa kasalukuyang kinalalagyan ng bata sa loob ng **mahigit 10 araw ng paaralan** ay dapat:

1. Patuloy na makatanggap ng mga pang-edukasyong serbisyo, upang mabigyang-daan ang bata na patuloy na lumahok sa curriculum ng pangkalahatang eduaksyon, bagama't sa ibang kaayusan, at umusad patungo sa pagkamit sa mga layuning itinakda sa *IEP* ng bata; **at**
2. Makatanggap, ayon sa naaangkop, ng pagtatasa sa functional na gawi [*Functional behavioral assessment* (*FBA*)], at mga serbisyo ng pamamagitan at pagbabago sa gawi, na idinisenyo upang tugunan ang lumalabag na gawi upang hindi na ito maulit.

Pagkatapos maalis ang isang batang may kapansanan sa kaniyang kasalukuyang kinalalagyan sa loob ng **10 araw ng paaralan** sa parehong taon ng paaralan na iyon, at kung ang kasalukuyang pag-aalis ay sa loob ng **10 araw ng paaralan** na magkakasunud o mas maikli pa **at** kung ang pag-aalis ay hindi isang pagbabago ng kinalalagyan (tingnan ang kahulugan sa ibaba), tutukuyin ng mga tauhan ng paaralan, sa pakikipagkonsulta sa hindi bababa sa isang guro ng bata, ang hangganan ng mga serbisyong kinakailangan upang mabigyang-daan ang bata na patuloy na lumahok sa curriculum ng pangkalahatang edukasyon, bagama't sa ibang kaayusan, at umusad patungo sa pagkamit sa mga layuning itinakda sa *IEP* ng bata.

Kung ang pag-aalis ay isang pagbabago ng kinalalagyan (tingnan ang kahulugan sa ibaba), tutukuyin ng *IEP* ng bata ang mga naaangkop na serbisyo upang bigyang-daan ang bata na patuloy na lumahok sa curriculum ng pangkalahatang edukasyon, bagama't sa ibang kaayusan, at umusad patungo sa pagkamit sa mga layuning itinakda sa *IEP* ng bata.

Pagtukoy sa dulot
Sa loob ng **10 araw ng paaralan** ng anumang desisyong baguhin ang kinalalagyan ng isang batang may kapansanan dahil sa isang paglabag ng kodigo ng ugali ng mag-aaral, (maliban na lang sa pag-aalis sa loob ng **10 araw ng paaralan** na magkakasunud o mas maikli pa at hindi isang pagbabago ng kinalalagyan), dapat suriin ng distrito ng paaralan, magulang, at mga nauugnay na miyembro ng *IEP* Team (ayon sa tutukuyin ng magulang at distrito ng paaralan) ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa file ng mag-aaral, kabilang ang *IEP* ng bata, anumang obserbasyon ng guro, at anumang nauugnay na impormasyong ibinibigay ng mga magulang upang matukoy:

1. Kung ang gawi na pinag-uusapan ay sanhi ng, o may direkta at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng bata; o
2. Kung ang gawi na pinag-uusapan ay direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang *IEP* ng bata.

Kung matutukoy ng distrito ng paaralan, magulang, at mga nauugnay na miyembro ng IEP Team ng bata na natugunan ang alinman sa mga kundisyong iyon, dapat tukuyin ang gawi bilang dulot ng kapansanan ng bata.

Kung matutukoy ng distrito ng paaralan, magulang, at mga nauugnay na miyembro ng *IEP* Team ng bata na ang gawi na pinag-uusapan ay direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang *IEP*, dapat magsagawa ang distrito ng paaralan ng agarang pagkilos upang remedyuhan ang mga pagkukulang na iyon.

Pagtukoy na ang gawi ay dulot ng kapansanan ng bata
Kung matutukoy ng distrito ng paaralan, magulang, at mga nauugnay na miyembro ng *IEP* Team na ang gawi ay dulot ng kapansanan ng bata, ang *IEP* Team ay dapat:

1. Magsagawa ng *FBA*, maliban na lang kung nakapagsagawa na ang distrito ng paaralan ng *FBA* bago naganap ang gawi na nagresulta sa pagbabago ng kinalalagyan, at magpatupad ng plano ng pamamagitan sa gawi [*Behavioral Intervention Plan* (*BIP*)] para sa bata; o
2. Kung may nabuo nang *BIP*, suriin ang *BIP*, at baguhin ito, ayon sa kinakailangan, upang matugunan ang gawi.

Maliban na lang ng gaya sa inilalarawan sa ilalim ng sub-heading na **Mga espesyal na sitwasyon**, dapat ibalik ng distrito ng paaralan ang bata sa kinalalagyan kung saan inalis ang bata, maliban na lang kung nagkasundo ang magulang at distrito sa isang pagbabago ng kinalalagyan bilang bahagi ng pagbabago ng *BIP*.

Mga espesyal na sitwasyon
Dulot man o hindi ng kapansanan ng bata ang gawi, maaaring mag-alis ang mga tauhan ng paaralan ng mag-aaral papunta sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyong kaayusan (na tutukuyin ng *IEP* Team ng bata) sa loob ng hanggang 45 araw ng paaralan, kung ang bata ay:

1. Nagdadala ng sandata sa paaralan o may sandata sa paaralan, sa kinatitirikan ng paaralan, o sa isang kaganapan ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng *MDE* o isang distrito ng paaralan;
2. May kabatirang nagtataglay o gumagamit ng mga ipinagbabawal na gamot, o nagbebenta o hinihiling ang pagbebenta ng isang kontroladong substance habang nasa paaralan, kinatitirikan ng paaralan, o sa isang kaganapan ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng *MDE* o isang distrito ng paaralan; o
3. Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan sa ibang tao habang nasa paaralan, kinatitirikan ng paaralan, o sa isang kaganapan ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng *MDE* o isang distrito ng paaralan.

Mga Pagpapakahulugan
Tumutukoy ang *kontroladong substance* sa gamot o iba pang substance na tinutukoy sa ilalim ng iskedyul I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Mga Batas ng Mga Kontroladong Substance (21 U.S.C. 812(c)).

Tumutukoy ang *ipinagbabawal na gamot* sa isang kontroladong substance; ngunit hindi kasama rito ang kontroladong substance na legal na taglay o ginagamit sa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o legal na taglay o ginagamit sa ilalim ng anupamang awtoridad sa ilalim ng Batas na iyon o anupamang probisyon ng Pederal na batas.

Kasing kahulugan ng *malubhang pinsala sa katawan* ang terminong ‘‘malubhang pinsala sa katawan’’ sa ilalim ng talata (3) ng subsection (h) ng seksyon 1365 ng pamagat 18, Kodigo ng United States. (Tingnan ang Kalakip A.)

Kasing kahulugan ng *sandata* ang katagang ‘‘mapanganib na sandata’’ sa ilalim ng talata (2) ng unang subsection (g) ng seksyon 930 ng pamagat 18, Kodigo ng United States. (Tingnan ang Kalakip A.)

Abiso
Sa petsa kung kailan magdedesisyon ang distrito ng paaralan na magsagawa ng pag-aalis na isang pagbabago ng kinalalagyan ng bata dahil sa isang paglabag ng kodigo ng ugali ng mag-aaral, dapat nitong abisuhan ang mga magulang tungkol sa desisyong iyon, at bigyan ang mga magulang ng abiso ng mga pag-iingat sa hakbangin.

Pagbabago ng Kinalalagyan Dahil sa Mga Pandisiplinang Pag-aalis

34 CFR §300.536

Ang isang pag-aalis ng batang may kapansanan mula sa kasalukuyang pang-edukasyong kinalalagyan ng bata ay isang **pagbabago ng kinalalagyan** kung:

1. Ang pag-aalis ay sa loob ng mahigit 10 araw ng paaralan na magkakasunud; **o**
2. Ang bata ay napailalim sa sunud-sunod na pag-aalis na paulit-ulit dahil:
    a. Ang sunud-sunod na pag-aalis ay mahigit 10 araw ng paaralan sa isang taon ng paaralan sa kabuuan;
    b. Ang gawi ng bata ay katulad na katulad ng gawi ng bata sa mga nakaraang insidente na nagresulta sa sunud-sunod na pag-aalis; at
    c. Sa mga naturang karagdagang salik tulad ng tagal ng bawat pag-aalis, ang kabuuang tagal na naalis ang bata, at ang layo ng mga pag-aalis sa isa't isa.

Tinutukoy ng distrito ng paaralan kung ang isang paulit-ulit na pag-aalis ay katumbas ng pagbabago ng kinalalagyan batay sa kaso at, kung kukuwestiyunin, batay ito sa pagsusuri sa pamamagitan ng pagdinig ng tamang proseso at judicial na pagdinig.

Pagtukoy ng Kaayusan

34 CFR § 300.531

Dapat tukuyin ng *IEP* Team ang pansamantalang alternatibong pang-edukasyong kaayusan para sa mga pag-aalis na **mga pagbabago ng kinalalagyan**, at mga pag-aalis sa ilalim ng mga heading na **Karagdagang awtoridad** at **Mga espesyal na sitwasyon**, sa itaas.

Apela

34 CFR § 300.532

Pangkalahatan

Ang magulang ng isang batang may kapansanan ay maaaring maghain ng reklamo sa tamang proseso (tingnan sa itaas) upang humiling ng pagdinig ng tamang proseso kung hindi siya sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon hinggil sa kinalalagyan sa ilalim ng mga pandisiplinang probisyon na ito; o
2. Pagtukoy sa dulot na inilalarawan sa itaas.

Maaaring maghain ang distrito ng paaralan ng reklamo sa tamang proseso (tingnan sa itaas) upang humiling ng pagdinig ng tamang proseso kung pinaniniwalaan

nitong ang pagpapanatili ng bata sa kasalukuyan niyang kinalalagyan ay malamang na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba.

Awtoridad ng isang hukom ng administratibong batas
Dapat isagawa ng isang *ALJ* na tumutugon sa mga pag-aatas na inilalarawan sa ilalim ng sub-heading na **Walang pinapanigang hukom ng administratibong batas** ang pagdinig ng tamang proseso at dapat siyang gumawa ng desisyon. Maaaring gawin ng *ALJ* na:

1. Ibalik ang batang may kapansanan sa kinalalagyan kung saan inalis ang bata kung matutukoy ng *ALJ* na ang pag-aalis ay isang paglabag ng mga pag-aatas na inilalarawan sa ilalim ng heading na **Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan**, o ang gawi ng bata ay dulot ng kapansanan ng bata; o
2. Mag-utos ng pagbabago ng kinalalagyan ng batang may kapansanan papunta sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong pang-edukasyong kaayusan sa loob ng hindi hihigit sa 45 araw ng paaralan kung matutukoy ng *ALJ* na ang pagpapanatili ng bata sa kasalukuyan niyang kinalalagyan ay malamang na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba.

Ang mga hakbangin ng pagdinig na ito ay maaaring ulitin, kung pinaniniwalaan ng distrito ng paaralan na ang pagbabalik sa bata sa orihinal na kinalalagyan ay malamang na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba.

Sa tuwing maghahain ang isang magulang o distrito ng paaralan ng rekalmo ng tamang proseso upang humiling ng naturang pagdinig, dapat magdaos ng pagdinig na tumutugon sa mga pag-aatas na inilalarawan sa ilalim ng heading na**, Reklamo sa Tamang Proseso, Mga Pagdinig sa Mga Reklamo ng Tamang Proseso**, maliban sa mga sumusunod:

1. Ang *MDE* ay nagsaayos ng pinabilis na pagdinig ng tamang proseso, na dapat maganap sa loob ng **20** araw ng paaralan mula sa petsa kung kailan hiniling ang pagdinig at dapat magresulta sa isang kapasyahan sa loob ng **10** araw ng paaralan pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban na lang kung magkakasundo ang mga magulang at distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat na ipagpaliban ang pagpupulong, o magkakasundo sila na gumamit ng pagpapagitna, dapat magkaroon ng pagpupulong ng pagresolba sa loob ng **pitong** araw ng kalendaryo mula sa pagkakatanggap ng abiso ng reklamo sa tamang proseso. Maaaring magpatuloy ang pagdinig maliban na lang kung ang usapin ay naresolba nang kalugud-lugod sa parehong panig sa loob ng **15** araw ng kalendaryo mula sa pagkakatanggap ng reklamo sa tamang proseso.

Ang isang desisyong ginawa sa isang pinabilis na pagdinig ng tamang proseso ay pinal, gayunpaman ang alinmang panig sa pagdinig (ikaw o ang distrito ng

paaralan) ay maaaring maghain ng sibil na pagkilos, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng heading na "Mga Sibil na Pagkilos, Kabilang ang Yugto ng Panahon kung Kailan Ihahain ang Mga Pagkilos na Iyon."

Kinalalagyan sa Panahon ng Mga Apela

34 CFR §300.533

Kapag ang magulang o distrito ng paaralan, gaya ng inilalarawan sa itaas, ay naghain ng rekalmo ng tamang proseso na nauugnay sa mga usaping pandisiplina, ang bata ay dapat manatili (maliban na lang kung iba ang mapagkakasunduan ng magulang at *MDE* o distrito ng paaralan) sa pansamantalang alternatibong pang-edukasyong kaayusan habang nakabinbin ang desisyon ng opisyal sa pagdinig, o hanggang mapaso ang yugto ng panahon ng pag-aalis gaya ng itinatakda at inilalarawan sa ilalim ng heading na Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan, alinman ang mauunang maganap.

Mga Proteksyon para sa Mga Batang Hindi pa Kuwalipikado para sa Espesyal na Edukasyon at Mga Nauugnay na Serbisyo

34 CFR §300.534

Pangkalahatan

Kung ang isang bata ay hindi natukoy na kuwalipikado para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo at lumabag sa isang kodigo ng ugali ng mag-aaral, ngunit nalaman ng distrito ng paaralan (gaya ng tinutukoy sa ibaba) bago naganap ang gawi na humantong sa pandisiplinang pagkilos, na ang bata ay isang batang may kapansanan, maaaring igiit ng bata ang alinman sa mga proteksyong inilalarawan sa abisong ito.

Batayan ng pagkakaalam para sa mga pandisiplinang usapin

Dapat ituring na nalalaman ng isang distrito ng paaralan na ang bata ay isang batang may kapansanan kung, bago naganap ang gawi na humantong sa pandisiplinang pagkilos:

1. Naghayag ang magulang ng bata ng alalahanin sa pamamagitan ng sulat na nangangailangan ang bata ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa mga tagapangasiwa o administratibong tauhan ng naaangkop na pang-edukasyong ahensya, o isang guro ng bata;
2. Humiling ang magulang ng pagtatasa kaugnay ng pagiging kuwalipikado para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*; o
3. Ang guro ng bata, o iba pang tauhan ng distrito ng paaralan ay naghayag ng mga partikular na alalahanin tungkol sa paulit-ulit na ugali na direktang ipinapakita ng bata sa direktor ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan o sa iba pang tagapangasiwang tauhan ng distrito ng paaralan.

Pagbubukod
Hindi ituturing na nalalaman ng isang distrito ng paaralan ang naturang impormasyon kung:

1. Hindi pumayag ang magulang ng bata sa isang pagtatasa ng bata o tumanggi sila sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon; o
2. Natasa na ang bata at natukoy nang hindi siya isang batang may kapansanan sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA*.

Mga kundisyong nalalapat kung walang batayan ng pagkakaalam
Kung hindi alam ng isang distrito ng paaralan na ang isang bata ay isang batang may kapansanan bago magsagawa ng mga pandisiplinang hakbang laban sa bata, gaya ng inilalarawan sa itaas sa ilalim ng sub-heading na **Batayan ng pagkakaalam para sa mga pandisiplinang usapin** at **Pagbubukod**, ang bata ay maaaring maipailalim sa mga pandisiplinang hakbang na inilalapat sa mga batang walang kapansanang gumawa ng mga katulad na gawi.

Gayunpaman, kung may ginawang kahilingan para sa isang pagtatasa ng isang bata sa panahon kung kailan napapailalim ang bata sa mga pandisiplinang hakbang, ang pagtatasa ay dapat isagawa sa mabilis na paraan.

Hanggang matapos ang pagtatasa, mananatili ang bata sa pang-edukasyong kinalalagyan na ipinasya ng mga awtoridad ng paaralan, kung saan maaaring kabilang ang pagkasuspinde o pagpapatalsik nang walang pang-edukasyong serbisyo.

Kung matutukoy na ang bata ay isang batang may kapansanan, kung isasaalang-alang ang impormasyon mula sa pagtatasang isinagawa ng distrito ng paaralan, at impormasyong ibinigay ng mga magulang, dapat magbigay ang distrito ng paaralan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo alinsunod sa Bahagi B ng *IDEA*, kabilang ang mga pandisiplinang pag-aatas na inilalarawan sa itaas.

Pagsangguni sa at Pagkilos ng Mga Awtoridad sa Pagpapatupad ng Batas at Judicial na Awtoridad

34 CFR §300.535
Ang Bahagi B ng *IDEA* ay hindi:

1. Nagbabawal sa isang ahensya na mag-ulat ng krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan sa mga naaangkop na awtoridad; o
2. Pumipigil sa mga awtoridad sa pagpapatupad ng batas at judicial na awtoridad ng estado na tuparin ang kanilang mga responsibilidad hinggil sa paglalapat ng pederal na batas at batas ng estado sa mga krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan.

Pagpapadala ng mga record

Kung mag-uulat ang isang distrito ng paaralan ng krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan, ang distrito ng paaralan ay:

1. Dapat tiyaking ang mga kopya ng mga record ng espesyal na edukasyon at disiplina ng bata ay maipapadala upang maisaalang-alang ng mga awtoridad kung kanino iuulat ng ahensya ang krimen; at
2. Maaari lang magpadala ng mga kopya ng mga record ng espesyal na edukasyon at disiplina ng bata hangga't pinapahintulutan ng *FERPA*.

Mga Pag-aatas para sa Unilateral na Paglalagay ng Mga Magulang ng Mga Bata sa Mga Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko

Pangkalahatan

34 CFR §300.148

Hindi ipinag-aatas ng Bahagi B ng *IDEA* sa isang distrito ng paaralan na bayaran ang gastos ng edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, ng iyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung may *FAPE* na ginawang available ang distrito ng paaralan sa iyong anak at pinili mong ilagay ang bata sa isang pribadong paaralan o pasilidad. Gayunpaman, dapat isama ng distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ang iyong anak sa populasyon na tinutugunan ang mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng mga probisyon ng Bahagi B hinggil sa mga batang nailagay ng kanilang mga magulang sa isang pribadong paaralan sa ilalim ng 34 CFR §§300.131 hanggang 300.144.

Pag-reimburse para sa paglalagay sa pribadong paaralan

Kung dating nakatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng isang distrito ng paaralan, at pipiliin mong i-enroll ang iyong anak sa isang pribadong paaralan, mababang paaralan, o sekondaryang paaralan nang walang pahintulot o referral ng distrito ng paaralan, maaaring atasan ng isang hukuman o *ALJ* ang ahensya na i-reimburse ka para sa gastos ng pag-enroll na iyon kung matutukoy ng hukuman o *ALJ* na ang ahensya ay walang *FAPE* na ginawang available sa iyong anak nang napapanahon bago ang pag-enroll na iyon at ang paglalagay sa pribadong paaralan na iyon ay naaangkop. Maaaring matukoy ng isang *ALJ* o hukuman na naaangkop ang iyong paglalagay, kahit na hindi nakakatugon ang paglalagay sa mga pamantayan ng Estado na nalalapat sa edukasyong ibinibigay ng *MDE* at mga distrito ng paaralan.

Limitasyon sa pag-reimburse

Ang halagang ire-reimburse na inilalarawan sa talata sa itaas ay maaaring mabawasan o ipagkait:

1. Kung: (a) Sa pinakahuling pagpupulong ng *IEP* na dinaluhan mo bago ang pag-aalis mo ng iyong anak sa pampublikong paaralan, hindi mo ipinaalam sa *IEP* Team na tinatanggihan mo ang paglalagay na ipinapanukala ng distrito ng paaralan upang magbigay ng *FAPE* sa iyong anak, kabilang ang paghahayag ng iyong mga alalahanin at iyong kagustuhang i-enroll ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa gastos ng publiko; o (b) Hindi ka nagbigay ng nakasulat na abiso bago ang hindi bababa sa 10 araw ng

negosyo (kasama ang anumang holiday na magaganap sa isang araw ng negosyo) bago mo alisin ang iyong anak sa pampublikong paaralan, sa distrito ng paaralan tungkol sa impormasyong iyon;
2. Kung nagbigay ang distrito ng paaralan, bago mo alisin ang iyong anak sa pampublikong paaralan, ng paunang abiso sa iyo, tungkol sa kagustuhan nitong tasahin ang iyong anak (kabilang ang isang pahayag ng layunin ng pagtatasa na naaangkop at makatuwiran), ngunit hindi mo ginawang available ang bata para sa pagtatasa; **o**
3. Kapag natuklasan ng isang hukuman na hindi makatuwiran ang iyong mga pagkilos.

Subalit, ang halagang ire-reimburse ay:

1. Hindi dapat bawasan o ipagkait dahil sa kabiguang ibigay ang abiso kung: (a) Pinigilan ka ng paaralan na ibigay ang abiso; (b) Hindi ka nakatanggap ng abiso tungkol sa iyong responsibilidad na ibigay ang abisong inilalarawan sa itaas; o (c) Ang pagsunod sa mga pag-aatas sa itaas ay malamang na magresulta sa pisikal na pinsala sa iyong anak; at
2. Maaaring hindi bawasan o ipagkait, sa kapasyahan ng hukuman o isang *ALJ*, dahil sa kabiguan ng magulang na ibigay ang ipinag-aatas na abiso kung: (a) Ang magulang ay hindi marunang magbasa at magsulat o hindi marunong magsulat sa wikang English; o (b) Ang pagsunod sa mga pag-aatas sa itaas ay malamang na magresulta sa malubhang emosyonal na pinsala sa bata.

Paglilipat ng Mga Karapatan ng Magulang sa Hustong Gulang

34 CFR §300.520

Kapag naabot ng isang mag-aaral na may kapansanan ang hustong gulang (18 taong gulang sa Michigan kung walang naitalagang legal na tagapangalaga ang hukuman), dapat ibigay ng pampublikong ahensya ang anumang abisong ipinag-aatas sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* sa mag-aaral at magulang at ang lahat ng karapatang inilagak sa magulang sa ilalim ng Bahagi B ng *IDEA* ay mailipat sa mag-aaral. Ang lahat ng karapatang nailagak sa magulang ay mailipat din sa mga mag-aaral na nasa hustong gulang na at nakakulong sa isang institusyon ng bilangguan na pederal, ng estado, o lokal na para sa mga nasa hustong gulang o kabataan.

Kalakip A – Mga Pederal na Pagpapakahulugan

Malubang Pinsala sa Katawan

18 USC 1365(h)

3. Tumutukoy ang terminong "malubhang pinsala sa katawan" sa pinsala sa katawan na may kaakibat na –
    (A) malaking panganib ng pagkamatay;
    (B) matinding pisikal na pananakit;
    (C) pangmatagalan at halatang pagkadeporma; o
    (D) pangmatagalang pagkawala o pagkasira ng paggana ng isang bahagi ng katawan, organ, o kakayahan ng isip; at
4. Tumutukoy ang terminong "pinsala sa katawan" sa –
    (A) isang sugat, gasgas, pasa, paso, o pagkadeporma;
    (B) pisikal na pananakit;
    (C) sakit;
    (D) pagkasira ng paggana ng isang bahagi ng katawan, organ, o kakayahan ng isip; o
    (E) anupamang pinsala sa katawan, gaano man ito pansamantala.

Sandata
18 USC 930(g)

(2) Tumutukoy ang terminong "mapanganib na sandata" sa isang sandata, device, kagamitan, materyal, o substance, buhay man o hindi, na ginagamit upang, o magagamit upang, magsanhi ng pagkamatay o malubhang pinsala sa katawan, subalit hindi kabilang sa naturang termino ang pocket knife na may patalim na wala pang 2 1/2 pulgada ang haba.